# Jehovah Jireh, Unang Bahagi

Louisville, Mississippi, USA
Abril 2, 1964

1 Maaari na kayong maupo. Isa itong napakagandang pagkakataon upang muling makabalik sa gabing ito, at isa itong malaking pagpapala para sa akin ang makaparito at makapangusap sa inyo tungkol sa ating Panginoong Jesus (Na tiyak kong nakikilala ng nakararami sa inyo, o umaasa akong kilala nga ninyo), gaya rin naman ng kapatawaran ng inyong mga kasalanan, at — at sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya sa inyo. Nawa'y ibahagi Niya sa inyo sa gabing ito ang higit pang biyaya Niya. Pag-alis natin dito, nawa'y magawa nating sabihin ang gaya ng sinabi ng mga nanggaling sa Emmaus, "Nag-alab ang mga peso natin sa kalooban natin habang nangungusap Siya sa atin sa daan." 2 Ngayon, tuwing umaga.

2 Wari ko'y mayroon silang isang taong humaharap sa madla gaya ni ... At itong si Mr. Vayle ay nagdaraos ng isang pag-aaral, isang uri ng pagsagot sa mga tanong at mangungusap siya tungkol sa Kasulatan (Dito ba iyon idinadaos sa gusaling ito?), sa gusali ring ito tuwing umaga. At sinuman sa inyo ang malilibre, at ang ilang mga ministro at iba pa, kung nais ninyong bumisita, aba, malugod na tatanggapin ang lahat. At si Brother Vayle ay isang napakahusay na guro, at tunay na may mataas na pinag-aralan.

3 Kaya nga ... 3 Sinabi ko nung isang araw na sa — sana ay may pinag-aralan din ako. Kailangan kong gumamit ng mga talinghaga, ng isang bagay o ng iba pa para magawa kong magpaliwanag, alam n'yo. Hindi sapat ang pinag-aralan ko upang maipaliwanag ko ito. Ngunit kahit papaano, tinutulungan akong makaraos ng Panginoon. Kaya nga naaalala ko, na minsan ay may isang lalaki sa Kasulatan; ang pangalan niya ay Juan. At ang ama niya ay isang saserdote. Karaniwang sinusundan nila ang ginawa ng kanilang ama. Ngunit mayroon siyang i isang tunay na Mensahe. Ipakikilala niya ang Mesiyas. At kung pumasok siya sa paaralang pinasukan ng kaniyang ama, baka sabihin pa nila, "Ngayon, alam n'yo, itong si Brother ganito at gano'n; iyon na nga ang Mesiyas." Kamuntik na nila siyang makumbinsi. Kaya't makikita ninyo na hindi siya pumasok sa gayong uri ng paaralan.

4 Nagtungo siya sa ilang kung saan siya natuto tungkol sa Diyos. 4 Napansin ba ninyo kung paano niyang ipinahayag ang mga mensahe niya? Wala siyang anumang pinag-aralan. Pumaroon siya sa gulang na sivam na taon, nang lumabas siya ay tatlumpung taong gulang na siya, nangaral siya ng anim na buwan, at pagkatapos ay ipinapatay na siya. Ngayon, makikita nating ang ginamit niya, ang sabi . . . Gaya ng, nang magsilabas ang. mga Fariseo, at ang mga Saduseo, ang sabi niya, "Oh, kayong lahi ng mga

ulupong." Iyon kasi ang nakita niya roon sa ilang, mga ulupong, isang baggy na marumi, madulas at madaya. Kita n'yo? Ngayon, marahil ay may nagsabi, "Aba, ikaw na walang kakuwentakuwentang sagabal," o kung anuman iyon. Ngunit siya'y . . . Ngunit, kita n'yo, wala siyang alam na gamiting salita, kaya't ang sabi na lang niya. "Kayong mga lahi ng ulupong." Lyon ang nakita niya sa ilang. Sabi pa niya. "Sino'ng nagbigay sa inyo ng babala upang takasan ninyo ang paparating na poot? Huwag ninyong sasabihing kami'y . . . Kabilang kami sa ganito. kabilang kami sa ganiyan,' pagkat magagawa ng Diyos na mula sa mga batong ito (iyon kasi ang nakita niya) ay magpalitaw Siya ng mga anak ni Abraham. At nakaumang na ang palakol sa ugat ng puno." Alam niya kung ano'ng dapat gawin sa masamang puno. "Lahat ng hindi namumunga ng mabuting bunga ay tinatagpas at iginagatong sa apoy," upang sunugin ang masamang kahoy. Kita n'yo, siya Lahat ng mensahe niya ay may kinalaman sa kalikasan. Hinalintulad niya iyon. Nauunawaan iyon ng karaniwang tao. At pagkatapos sila'y . . . Sa palagay ko kung minsan ay nagagawa nila itong sabihin nang mas maganda sa pamamagitan ng mga matatayog na mga pananalitang natututunan ng mga tao sa paaralan.

5 Ngayon, medyo ginabi tayo nang kaunti kagabi, kaya't sisikapin nating mapalabas kayo sa tamang oras ngayong gabi, kung magagawa natin. At umaasa akong hindi pahihintulutan ng Diyos na umulan nang malakas sa yerong bubungang ito. Kaya't sumasampalataya lang tayo, at — at sinisikap nating paglingkuran Siya sa abot ng ating nalalaman.

6 Ngayon, magsitayo tayo habang binabasa natin ang Salita ng Diyos. Habang bumabasa tayo ngayon sa aklat ng Genesis, at magsisimula tayo sa ika-22 kabanata, at sa ikapitong talata, isama na rin natin ang ika-14: At nagsalita si Isaac kay Abraham na kaniyang Ama, na sinabi, Ama ko: at kaniyang sinabi, Narito ako, anak ko. At sinabi, Narito ang apoy at ang kahoy, ngunit nasaan naroon ang korderong pinakahandog na susunugin? At sinabi ni Abraham, Diyos ang maghahanda ng korderong pinaka handog na susunugin, anak ko: anupa't sila'y kapuwa yumaong magkasama. At sila'y dumating sa dakong sa kaniya'y sinabi ng Dios; at nagtayo si Abraham doon ng isang dambana, at inayos ang kahoy, at tinalian si Isaac na kaniyang anak at inilagay sa ibabaw ng dambana, sa ibabaw ng kahoy.

At iniunat ni Abraham ang kaniyang kamay at hinawakan ang sundang upang patayin ang kaniyang anak. At tinawag siya ng anghel ng Panginoon mula sa langit, at sinabi, Abraham: At kaniyang sinabi, Narito ako. At sa kaniya'y sinabi, Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka't talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak. At itiningin ni Abraham ang kaniyang mga mata, at

nagmalas, at narito, ang isang tupang lalake, sa dakong likuran niya, na hull sa dawag sa kaniyang mga sungay: at pumaroon si Abraham, at kinuha ang tupa, at siyang inihandog na handog na susunugin na inihalili sa kaniyang anak. At pinangalanan ni Abraham ang dakong yaon, ng Jehovah-jireh: gaya ng kasabihan hanggang sa araw na ito: Sa bundok ng Panginoon ay mahahanda.

7 Sumandali tayong magsiyuko ngayon para sa pananalangin. Makalangit naming Ama, sinabi sa amin ng Salitang ito, na Siyang Diyos, na ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig, at sa pakikinig ng Salita ng Diyos. At ngayon, Ama, dalangin naming ibahagi Mo sa amin ang nilalaman ng pagbasang ito, nang sa gayon ay matuto kami, dahil sinabi sa amin ng Biblia, na lahat ng bagay na naganap sa Lumang Tipan ay mga halimbawa upang makita namin ang mga nagsisitalima sa Salitang Diyos ay pinagpapala; yaon namang mga nagsisitanggi ay isinusumpa. Kaya't dalangin namin, Ama, na magkaroon kami ng kaunawaan ngayong gabi sa pamamagitan ng mga kapahayagang ito. Nawa'y ihayag ng Espiritu Santo sa am in ang mga bagay na patungkol sa amin sa araw na ito, na nakatagong lahat sa dakilang hiwagang ito ng Diyos buhat pa nang itatag ang sanlibutan. Sapagkat hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen. Maaari na kayong maupo.

8 Nais kong mangusap sa paksang ito, kung loloobin ng Panginoon, ttnAol sa kaisipang Jehovah-jireh.‟ Ang ibig sabihin ng katagang ito ay ”Maghahanda ang Diyos sa Sarili Niya ng isang hain.‟ At mangungusap tayo tungkol kay Abraham. At ito'y naganap noong naghihintay siya ng pangakong anak na lalaki. Para makuha natin ang tunay na katotohanan nito, magbabalik tayo. At ito'y nasa kabanatang 22. Nais nating balikan iyon. May ilang Kasulatan akong isinulat dito na nais kong tukuyin, kung maaari, at nais kong mangusap tungkol sa mga ito. At nais kong pasimulan sa ika-12 kabanata.

Balikan natin upang malaman natin kung anong uri ba ng tauhan itong si Abraham, at ngayon, pa — paanong nangyari na pinili siya ng Diyos?

9 Alam nating ang pangako ay ibinigay kay Abraham at sa kaniyang binhing susunod sa kaniya. At tanging kung tayo'y nakay Abraham, doon lamang niya tayo magiging kasamang tagapagmana ng pangako. Ngayon, may binhi si Abraham, at ang binhi, ano pa nga ba, ay . . . Marami siyang binhi — mga binhi. Ngunit isa lamang ang binhi niyang pinatungkulan ng pangako. Naging anak niya si Ismael. At nang mamatay si Sara, nagpakasal siya sa ibang babae, at nagkaanak siya ng pitong lalaki bukod pa sa mga babae. At lahat sila ay mga binhi ni Abraham, ngunit sila'y mga binhi ni Abraham, ngunit ang binhing ito ang siyang may taglay ng pangako. At ang totoo, ang binhi ay ang pananampalatayang taglay ni Abraham sa naipangakong Salita ng Diyos.

10 Ngayon, si Abraham, makikita natin, hindi siya lumitaw hanggang sa makita natin siya rito sa ika-12 kabanata. Sa ika-11 kabanata ng Genesis ay makikita nating ang kaniyang ama ay nanggaling sa Babilonia. At si Abraham ay isa lamang karaniwang tao, tulad mo at tulad ko at ng iba pa. At wika nga ay nagkakaedad na siya, gaya ng palagay natin. Pitumpu at limang taong gulang na siya. Naging Asawa niya ang kaniyang kinakapatid na babae. Sarai ang pangalan niya. At anupa't ang pangalan niya noon ay hindi pa Abraham; Abram pa siya noon, at ang pangalan naman ng babae ay Sarai. Kaya't makikita nating mas bata siya ng sampung taon sa kaniya, ibig sabihin ay anim na pu't limang taong gulang siya noon, at ang lalaki naman ay pitumpu' t limang taong gulang na.

11 Sila'y . . . Marahil ay isa siyang magsasaka, nakatira siya doon sa lambak ng Shinar; karaniwan lang ang buhay niya. Ma — marahil ay lumalabas siya sa araw at kumukuha siya ng karneng makakain sa kagubatan, at namimitas siya ng mga berry, at gayon ang naging buhay niya, isang karaniwang tao lamang. Walang anumang bagay na katangi-tangi sa kaniya. 11 Ngunit isang araw ay tinawag siya ng Diyos. Doon na nabago ang lahat, nang tawagin siya ng Diyos. At ganiyan ang nangyayari sa bawat buhay. Kakailangan in ang Diyos. Hindi mahalaga kung ano ang ginagawa mo; ang mahalaga ay kung ano ang ginagawa ng Diyos. Kita n'yo? Sasabihin mo, “Hinanap ko ang Diyos; hinanap ko ang Diyos.” Nagkakamali ka. Walang taong naghahanap sa Diyos; ang Diyos ang naghahanap sa tao. Kita n'yo? Hindi ikaw ang naghahanap sa Diyos; ang Diyos ang naghahanap sa iyo. Sinabi ni Jesus, “Hindi kayo ang pumili sa Akin; ngunit Ako ang pumili sa inyo.” Kita n'yo?

Kaya nga pinili ka na bago pa itatag ang sanlibutan, o kung hindi ay hindi ka talaga pinili. Naparito lang Siya upang tubusin ang pangalang iyan. At lahat ng tao na ang pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan ang siyang tanging maparoroon, sa anu't anuman. Kita n'yo? Pinili na kayo sa Kaniya, bago pa itatag . . . At ikaw, gaya ng sinabi ko kagabi, ay isang katangian ng kaisipan ng Diyos. Sila'y Iyan lang ang tanging paraan para ka maging eternal at iyan lamang ang tanging anyo ng Buhay na Walang Hanggan. Iisa lang ang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at iyon ay ang Diyos. Kaya't iyon lang iyon. Siya ang eternal.

12 Ngayon, makikita nating nakay Abraham ang Lugar na iyon. At ang Diyos, sa Lumang Tipan ay gumawa ng mga tipo at an ino upang ipakita kung ano ang gagawin Niya. Ngayon, makikita natin dito, na nangusap ang Diyos sa kaniya. At ang dakilang bagay, matapos siyang tawagin ng Diyos . Ang pagtawag ng Diyos ay isang tawag na sobrenatural; gayon man, hindi nag-alinlangan si Abraham: hindi kailan man.

Alam niyang ang Diyos iyon sa tuwina. Isa iyong dakilang bagay. Nang . . . Ang pagtawag ng Diyos ay sobrenatural. Walang anumang bagay na natural . . . Kinukuha ng Diyos ang sobrenatural at at pinangyayari Niya ito sa natural, ngunit ang mga pagtawag ng Diyos ay sobrenatural. Sinabi ng Biblia na ang mga kaloob at katawagan ay hindi binabawi. Kita n'yo, itinalaga na ito ng — ng Diyos.

13 Ngayon, makikita natin dito, na nang tawagin si Abraham, narinig niya ang tinig ng Diyos. At nangusap Siya sa kaniya ng isang bagay na halos ay hindi talaga maaaring mangyari. Dahil pitumpu't limang taong gulang na siya, ang asawa naman niya ay anim na pu't limang taong gulang na (ibig sabihin ay lampas na siya ng mga dalawampung taon sa menopause), bata pa siya ay asawa na niya siya . . . Hindi sila nagka-anak. Gayon man ay sinabi sa kaniya na magkakaanak sila. At sa pamamagitan ng batang ito, ang buong mundo, lahat ng mga bansa ay pagpapalain. 14 Ngayon, nakapagtataka iyan.

14 At si Abraham, ayon sa Biblia, sa ika-4 na kabanata ng Roma, hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di pananampalataya, bagkus ay naging matatag siya, at nagbigay ng papuri sa Diyos.‟ Para kong nakikita makaraan ang unang buwan . . . Anupa't si Sara, gaya ng nasabi ko, ay lampas na sa menopause. Sa unang buwan, para kong nakikita na sinabi ni Abraham, ″Sara, ano'ng pakiramdam mo, honey?‟ -Wala pa ring kaibahan.″

"Buweno. purihin ang Diyos. Magkakaanak din tayo, kahit ano'ng mangyari. Magkakaanak tayo ng lalaki. Sinabi ng Diyos na magkakaanak tayo.″

15 Gumawa na si Sara ng ginanstilyong sapatos ng bata. at nag-ipon na siya ng lampin, at ng mga perdible, at lahat ng bagay, naghanda siya, pinaghandaan niya iyon, pagkat alam niyang magkakaanak nga siya. Sinabi kasi ng Diyos. Kita n'yo? Lumipas ang unang taon. "Mayroon ka na bang kakaibang nararamdaman, honey?″ "Wala pa rin akong kakaibang nararamdaman.″ "Purihin ang Diyos. Magiging mas malaking himala iyan ngayon kaysa nung una. (Kita n'yo, isang taon na kasi ang lumipas.) Magkakaanak pa rin tayo. (Bakit?) Sinabi kasi ng Diyos. Tapos na iyon. Sinabi kasi ng Diyos. Tayo'y . . . Sinabi kasi ng Diyos.″ Lumipas ang sampung taon. "Ano' ng pakiramdam mo ngayon, honey?″ Heto't pitumpu't limang taong gulang na siya, at ang babae naman ay walumpu't limang taong gulang na. Ngayon, maiisip ba ninyo ang isang matandang lalaki't babaeng tulad n i la sa araw na ito, na patungo sa ospital at ang sabi, "Duktor, nais na po naming maghanda.

16 Magkaka ...‟ Hinihingi ng Diyos na sampalatayanan mo ang ilan sa pinakakakatawa-tawang bagay. Ngunit lagi Niya iyong ginagawang wasto. Ang Diyos . . 16 Ang isang taong sumasampalataya sa Diyos ay sadyang parang baliw kung kumilos sa tingin ng sanlibutan. Maiisip ba ninyo na si Moises, sinanay siya sa lahat ng karunungan ng — ng mga Egipcio, pinuno ng mga hukbo — ang — ang mga hukbo ng Egipto gayon man ... Apatnapung taon ang ginugol niya upang maabot niya iyon. At apatnapung taon din ang ginugol ng Diyos upang ipasuka sa kaniya ang pinag-aralan niya — singtagal ng ginugol ng mundo upang ilagay iyon sa kaniya. Apat na taon pa, inalis Niyang lahat ang kaniyang kasanayan, lahat ng pinag-aralan, ng teolohiya, mula sa kaniya. At kinatagpo Niya siya sa pusod ng disyerto. At mas marami pa siyang natutunan tungkol sa Diyos sa limang minutong itinagal niya sa Presensiya ng Diyos kaysa sa apatnapung taong ginugol niya sa pag-aaral ng mga aklat. Tama.

17 Hindi nakikilala ang Diyos sa pamamagitan ng edukasyon. Nakikilala Siya sa pamamagitan ng pananampalataya. At nangusap ang Diyos sa kaniya sa paraang sobrenatural. 17 At sadyang katawa-tawa ang gustong ipagawa sa atin ng Diyos kung minsan. Maiisip ba ninyo ang isang matandang lalaki, walumpung taong gulang, tumatakas siya — isang propetang tumatakas sa Diyos? At naparoon

siya sa Presensiya ng Diyos sa loob lamang ng limang minuto .. . Kinabukasan — maiisip ba ninyo siya — isang matandang lalaki, nakalaylay ang mga balbas niyang pagan ito, nangingintab ang panot niyang ulo, hawak ang isang baluktot na tungkod sa kaniyang kamay, nakasakay ang asawa niya sa isang mola, kalong-kalong ang maliit na bata, patungo sila sa... "Saan ka pupunta, Moises?″ "Pupunta ako sa Egipto upang lupigin ito.″ Lupigin? Isa iyong pananakop na isasagawa ng iisang tao. Katawa-tawang pakinggan. Ngunit ang totoo ay nagawa niya iyon, dahil sinabi ng Diyos. Iyon na iyon. Kapag sinabi ng Diyos, iyon na iyon. Iyon — iyon na iyon. Kapag Diyos ang nangako, itaya mo na ang kaluluwa mo. Kung kaya mong sampalatayanan, itaya mo ang . . . Kung hindi mo naman sinasampalatayanan, layuan mo ito; masasaktan ka lang. Ngunit kung sampalataya ka, manatili ka. Dadalhin ka nito sa tagumpay, singtiyak ng mundo.

18 Ngayon, makikita nating hindi nag-alinlangan si Abraham sa pangako ng Diyos. At nang isandaang taong gulang na siya at ang asawa naman niya ay siyamnapung taong gulang na, para ko siyang naririnig. Hindi na halos siya makapagsalita, gawa nang masyado na siyang tumatanda at nanghihina. "Buweno, mahal kong Sarah, ano'ng pakiramdam mo?″ "Buweno, mahal, wala pa ring kaibahan.″ "Aleluia. Mag — magkakaanak din tayo. Sinabi iyan ng Diyos. Iyan lang ang masasabi ko. Diyos ang nangako.″ Sinabi niyang lubos ang paniwala niya na kayang tuparin ng Diyos kung ano ang ipinangako Niya. At ngayon, tinatawag natin ang sarili nating binhi ni Abraham, ang kaniyang makaharing Binhi, hindi ang binhing si Isaac, ang makahari Niyang Binhi, si Cristo, at pagkatapos ay nag-aalinlangan tayo sa bawat

pangako, nakikipagtalo tayo rito, sinasabi nating hindi ito totoo, at nagdududa ang ating mga isipan. Duda tuloy ako kung tayo nga ay mga Binhi ni Abraham kung ganiyan ang nagiging kaisipan natin. Hindi nag-aalinlangan sa anumang bagay ang binhi ni Abraham. Itinuturing nito ang mga bagay na wala, na para bang naroroon ang mga iyon, dahil sinabi ng Diyos. Isa Siyang Manlilikha; kayaNiyang pangyarihin ito. Ipinangako Niya ito, at iyon na iyon. Iyon na ngang talaga. Kapag sinabi na ng Diyos, tapos nang lahat iyon. 19 Ngayon, alalahanin. Nais niyang ... Hindi niya magawang . . . Sinabi Niya . . .

19 Isa pang bagay na ipinagawa Niya sa kaniya, ay ang humiwalay siya sa pamily a niya at sa lahat ng kaniyang mga kamag-anak.

Ang Diyos, para ni} a mapasunod ang isang lalaki o babae, batang lalaki o batang babae, kailangan mong humiwalay sa lahat ng kawalan ng pananampalataya. Tama. Malibang humtv,alay ka muna nang lubusan sa anumang bagay na salungat sa Salitang iv an at sampalatayanan mo ito, ikaw ay . . . Ang hinihingi ng Diyos ay ang lubos na paghiv.alay.

20 Laking kaibahan nito sa panahong ito sa ating mga paaralan, na nagsusugo ng mga ministro. Sila . . . Punung-puno na ito ng lahat ng uri ng kawalan ng pananampalataya at mga teoriya na hindi naman iskriptural gaya rin naman ng mga ginagawa nilang mga kredo, at pagkatapos ay isinusugo sila sa gayong batayan. Hindi katakatakang nakapagluwal tayo ng maraming mga Oswald, at mga Jack Ruby, at iba pa sa buong bansa. Nilalamon na ng Komunismo ang bansa sapagkat ang rasa atin ay mga seminaryo, at mga mangangaral na napisa sa incubator, sa hal ip ng isinugo ng Diyos, isinilang na muli, puspos ng Espiritu Santo, isinilang ng Apoy na mga anak na lalaki ng Diyos, mga anak ni Abraham na sumasampalatayang ang Salita ng Diyos ay ang di nababaling katotohanan, at walang iba kundi katotohanan: matatag at kayang tumayo sa mga pangako sa harap ng anumang pagsubok at kayang humarap at ipahayag na ito nga'y katotohanan. Ito'y Salita ng Diyos. Tama.

21 Ngayon, ang sabi Niya, "Hum iwalay ka sa lahat ng mga kamaganak mo, sa lahat ng iyong mga kababayan, at sumunod ka sa Akin." Hindi pa rin nagbabago ang paraan ng Diyos. Ang Diyos ay Diyos na hindi nagbabago. Kung paano Niyang ginawa ang anumang bagay sa unang pagkakataon, gayon pa rin Niya iyong gagawin sa ikalawang pagkakataon. Alalahan in n'yo, kapag nakita ninyo ang kilos ng Diyos sa anumang pagkakataon, kung Siya . . . Kung — kung ligaw ang isang tao, at niligtas Niya ang tao batay sa anumang kapasiyahang ginawa Niya, kailangan Niyang 'aging manatili magpakailan man sa kapasyahang iyon. Hindi Niya maaaring baguhin iyon. Kita n'yo? Walang sukat ang kaalaman Niya; may sukat ang kaalaman natin. Maaaring humigit ang kaalaman ko bukas sa kaalaman ko ngayon. Gayon din naman, maaaring mas marami ang maging kaalaman ninyo sa susunod na taon kaysa sa taong, ito. Mas higit ang kaalaman ninyo sa taong ito kaysa noong nakaraang, taon: ngunit hindi gayon ang Diyos, sakdal Siya, walang sukat ang kaalaman Niya. Lahat ng ginagawa Niya ay sakdal. Hindi Siya maaaring magpasiya ngayon at bukas ay mas magiging mabuti ang pasiya Niya. Ang unang pasiya Niya ay sakdal. Kaya nga maaari ninyong itaya ang inyong kaluluwa sa anumang sasabihin Niya. Katotohanan kasi ito.

22 Tinawagan ang Diyos minsan upang magpasiya Siya kung paano maliligtas ang tao. At ang naging kaparaanan Niya ay sa silong ng nabubong dugo ng isang inosenteng nilalang doon sa halamanan ng Eden. At sinubukan na ng tao ang lahat ng bagay sa mundo upang iligtas ang tao sa ibang paraan. Nagsipagtayo na sila ng mga lungsod, nagsipagtayo na sila ng mga tore. Nagsipagtatag na sila ng mga organisasyon, edukasyon, at lahat ng iba pa. At ang lahat ng iyon ay lubos na nab igo. Isa lang ang paraan ng Diyos para magligtas ng tao; iyon ay sa pamamagitan ng dugo ng inosente. Iyon lamang ang tanging daan. Iyon ang unang pasiya ng Diyos. Panghahawakan Niya ito kailan pa man. Kung nagpagaling ang Diyos ng tao, batay sa paraan ng pagpapagaling sa kaniya, kailangan Niyang pagalingin ang ibang tao kung mararating niya ang kalagayang iyon. Kung hindi ay nagkamali Siya nung una, nang kailanganing gawin ang pagpapasiya. Kung gagawa Siya ng kapasiyahan, kailangan Niya iyong panghawakan magpakailan man. Kung hindi, nagkamali Siya rig pagpapasiya kung gayon. Kita n'yo? At sino ba ang makapagsasabi na nagkamali ang Diyos ng pagpapasiya. Kita n'yo? Hindi natin maaaring sabihin iyan. Kaya't kailangang panghawakan ng Diyos ang Kaniyang kapasyahan. Kaya't kapag nagpasiya na Siya, iyon na iyon.

23 Kaya't ang sabi Niya, "Humiwalay ka sa lahat ng iyong mga kamag- anak, sa lahat ng bagay, sa lahat rig kawalan ng pananampalatayang nagmula roon sa Babilonia." Ang unang dakilang organisasyon sa buong mundo ay ang Babylon, nang maitatag ito, lahat ng bayan ay dapat nang magbayad ng buwis sa isang bayang ito — katipong-katipo. Lahat ng mga ismong ito sampu ng mga bagong bagay na nakikita natin ngayon . . . Kung mababasa ninyo ang "Dalawang Babilonia" ni Hislop, at ang iba pa, pagkatapos ay balikan ninyo ang Genesis, makikita ninyong ang Genesis ay ang pasimula, ang binhi. Makikita ninyo ang lahat ng mga ismong ito pati na ang iba pa ay dito unang naipuwesto. Makikita ninyo ang mga makasarili't pormal na Fariseong nagmula roon, mula sa babaeng iyon kasama ang mga lahing iyon, at ang iba pa, na nakarating sa panahon ni Jesus. Hindi naniniwala ang mga Fariseo sa mga espiritu o sa anumang bagay. At hinadlangan nila si Jesus. Sinabi ni Jesus, "Hayaan n'yo sila. Inaakay ng bulag ang kapuwa bulag, at kapuwa si la nahuhulog sa hukay." Nagpatuloy Siya sa pangangaral at sa pagpapagaling sa maysakit, at sa paggawa ng mga himala, at gano'n pa rin. Hindi nila Siya napigilan

sapagkat Siya ang Salita. Nagpapatuloy ang Salita, kahit ano pa ang mangyari. Kaya't makikita nating nagpapatuloy ang mga bagay na iyon, at sa wakas ay namukadkad ang mga

ito dito sa mga huling araw. Kung paanong nilabanan nina Jannes at Jambres si Moises, gayon din ang mangyayari.

24 Ngayon, lubos na paghiwalay sa kawalan ng pananampalataya . At alalahanin. si Abraham, ang patriyarka, hindi siya lubusan at puspusang napagpala hanggang sa sundin niya nang tamang-tama kung ano talaga ang ipinag-utos ng Diyos. At lainding, hindi taro pagpapalain, hindi natin makakamit ang mga pagpapala hang.g.aft hindi natin sinusunod ang ipinagagaw a ng Diyos.

25 Isang bagay pa ang nais kong pansin in n'yo dito sa ika-12 kabanata, na ang tipanang ito ay vvalang hinihinging kundisyon. Walang anumang hinihinging kapal it. "Ginawa Ko na.- Hindi, "Kung iyong . . ." Walang "kung, kung- dito. "Nagaw a ko na." Ibinigay Niya kay Abraham ang tipan nang walang hinihinging kundisyon. At ngayon, alam ninyo na sa pakikipagtipan kay Adam, ganito ang sabi, "Kung hindi mo gagalawin ang punong ito, ganito at ganiyan ang gagawin Ko." Ngunit kung gagalawin mo, kakailanganing gawin Ko ang ganito at ganiyan." Kita n'yo? May nakakabit na kautusan. Ngunit sa pakikipagtipang ito, "Ginawa na kitang ama ng maraming bansa." At ginawa na . . . Lahat ng iyon ay walang kundisyon. Ang pakikipagtipan ay purung-purong biyaya, walang pasubaling biyaya. Ang tanging kailangan nilang gawin upang mapanatili ang tipang ito ay ang manatili, at tumigil sa lupaing iyon. At lahat ng pagpapalang kalakip ng tipan ay sumakanila. Ang kailangan lang nilang gawin ay ang tumigil sa lupain. Ngayon, makikita natin, na nang magpunta sila sa Egipto, naiwala nila ang pagpapala nila, ngunit hindi ang kanilang tipan. Naro'n pa rin ang tipan. Naiwala nila ang pagpapala ngunit hindi ang tipan, sapagkat ang tipan nila ay biyayang walang hinihinging kundisyon.

26 At sa — sa ika-19 na kabanata ng Exodo, ginawa ng Israel ang pinakamalaking pagkakamali nito, ang tanggihan ang biyaya at tanggapin ang kautusan. Tingnan n'yo kung ano'ng nagawa ng biyaya. Kinailangang bigyan sila ng biyaya ng isang tagapagligtas, kinailangang bigyan sila ng isang propetang pinatunayan ng Haliging Apoy, taglay ang pinagtibay na Sal ita, kasama ng haing kordero. Binigyan sila ng biyaya ng isang dakilang revival. Itinawid sila ng biyaya, binuksan nito ang Dagat na Pula, itinawid sila nito roon, iniligtas sila nito sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan: lahat ng ito ay sa pamamagitan ng biyaya. Ngunit naghangad pa kasi sila ng isang bagay upang madakila ang kanilang mga pangalan. Ngayon, hindi ba't ganiyan din ang mga tao ngayon? Ganiyan din. Sadya ngang magkakaganiyan sila . . . Nais kasi ng taong magkaroon siya ng kinalaman

ditto. At doon nakagawa ng malaking pagkakamali ang Israel, nang tanggihan nito ang biyaya at sa halip ay ang kautusan ang tinanggap nito. At ang... gayon man . . . Ngunit ang pakikipagtipan Niya sa kanila ay wala pa ring hinihinging kundisyon. Ganito pa rin hanggang ngayon; makikita natin ito.

27 Si Abraham nang magkagayon, matapos maibigay sa kaniya ang mga kundisyong iyon, pinasimulan niya ang kaniyang paglalakbay, humayo siya. Ngayon, makikita nating lumabas siya, at sa ika-13 kabanata, nalubos din sa wakas ang pagsunod niya sa Diyos. Ngayon, makikita natin sa ika-13 kabanata na si Lot .. . Una ay dinala niya ang ama niya. Lagi na lang nakakasagabal ang matanda. At sinubukan niyang kaladkarin ang maraming tao sa kaniyang paglalakbay. At kapag ganiyan ang ginawa mo, iyan ang mapapala mo. Ang sabi ng Diyos ay, "Humiwalay ka." "Buweno, sasabihin ko sa iyo. Hindi naman talaga sila naniniwala, ngunit ..." Iyan . Kung gayon ay layuan na lang ninyo. Gano'n na tang. Layuan n'yo na lang. At pagkatapos, ang matanda, sa wakas ay inilibing na niya siya. Pagkatapos ay si Lot naman ang na — raging sagabal, ika nga. Makikita nating nag-umpisa siyang magreklamo, at kapuwa si la yumaman, at dumami ang mga taong pinakikisamahan nila. At makikita nating nagsimulang makipag-away si Lot: ang mga tagapag-alaga niya ng hayop laban sa mga tagapag-alaga ng hayop ni Abraham.

28 At makikita nating hindi Niya . . . Hindi lubusang nakasumpong ang Diyos ng katapatan kay Abraham upang tuparin ang ipinag-utos Niya sa kaniya na lubusan siyang humiwalay sa lahat ng mga kamag-anak niya, sa lahat ng mga kababayan niya, at paglingkuran niya Siya. Kaya't makikita natin na, sa pakikipag-usap ng Diyos kay Abraham dito sa altar, ay sinabi Niya sa kaniya kung ano'ng dapat gawin . . Sa wakas, si Lot, nang dumating — nang lumabas ang kuwestiyon sa pagitan ni Abraham . . . At si Lot ay anak ng kapatid niyang si Haran. At sila— lumalabas na pamangkin niya siya. At nung huli ay sinabi niya,"Hayaan mong ... Magkapatid tayo. Hindi tayo dapat mag-away. Ngayon, ikaw — kung dito ka sa Silangan, pupunta ako sa Kanluran. At kung pupunta ka naman sa Kanluran, sa Silangan naman ako. Ngayon, maghiwalay na lang tayo, at hindi na tayo . . . Maluwang naman ang lupaing ito Para sa ating lahat. At pumunta ka na lang . . . Mamili ka na lang."

Ngayon, tunay na Cristianong espiritu ang ipinakitang iyon ni Abraham: ang bigyan maging ang kaaway ng pagkakataong mamili. Kaya't hinayaan niyang makapamili siya.

29 At si Lot, gaya ng marami ngayon, nakakita siya ng magandang pagkakataon. Kung magagawa lang niyang tumakas sa kahigpitang iyon, buweno, baka sakaling kumita siya ng kaunting dolyar. Marahil ay isa siyang sikat na tao. Kaya't nang tumingin siya sa kinaroroonan ng Sodoma, maraming tubig ang lupaing

iyon, at malaking bayan iyon, at maunlad ang industriya, ang asin, at iba pa. Do— doon gating ang mga produktong dinadala sa ibang bansa. At — gayon din, napakarami roong mga sikat na kababaihan na may pinta ni Jesabel. at lahat na. nagkakasiyahan sila. Ana asawa niya ay medy o mahilicz din doon. Sapaakat makikita natin, na nang maging alkalde siya roon parang. — parang nagustuhan niya ang pamumuhay ng mga tao roon. At Iyan lang ang kailangan mong gawin, ang mapasama ka sa isang bagay na . . . Kita n'yo, nais ng Diyos na ihiwalay mo ang sarili mo, at—at magpakalayu-layo ka sa mga bagay na iyan hanggang sa hindi mo na makita ang mga ito. Iyan ... Nais mong makakita ng isang bagay; iyon ay Siya at kung ano ang ipinangako Niya. Ngunit itong si Mrs. Lot, medyo nagustuhan niya iyon, at walang dudang sinabi niya, "Mahal, kagagaling ko pa lang doon at . . . Tingnan mo kung paanong manamit ang mga kababaihan doon. At tingnan mo ang mga babaeng iyon. Tingnan mo kung paanong manamit ang kababaihan natin. Hindi ba't mas moderno sila?" Ay, naku. Kung hindi ba naman narito na naman tayo sa panibagong Sodoma, hindi ko na alam kung bakit.

30 Doon ay makikita nating pinanghawakan ni Abraham ang pangako. Pagkatapos ay makikita natin sa pagpapatuloy nito sa . Nang maghiwalay si la ni Lot ... At ang kinuha ni Abraham ay ang mas maralitang lupain, ang mali it na daan, doon siya tumahan kung saan ay hindi gasinong maraming lupang pastulan para sa kaniyang mga hayupan at ... Ngunit handa niyang tanggapin ang daang iyon sapagkat ang Diyos ang naglagay sa kaniya sa lupaing iyon, at doon nga niya nais manirahan, handa niyang tanggapin iyon. Ngayon, nang sa wakas ay lubusan na niyang sinunod ang Diyos n ang lubusan na niyang sundin ang Diyos, at nang ihiwalay na niya nang lubusan ang sarili niya, doon muling nagpakita ang Diyos sa kaniya at ang sabi Niya, "Abraham, igala mo ang iyong paningin. Tumingin ka sa Silangan, tumingin ka sa Kan luran, tumingin ka sa Hilaga, tumingin ka sa Timog. Lahat ng iyan ay pag-aari mo." Amen. 31 Ngayon, gusto ko iyan.

31 At alam n'yo parang ganiyan ang nangyari nung maligtas ako. Matagal ko nang naririnig na ang Diyos ay isang

dakilang Diyos. At alam n'yo, nang maligtas ako, may nagsabi, "Ngayon, ang kailangan lang ninyong gawin ay ang sumapi kayo sa iglesia namin at ipalista ninyo ang pangalan n'yo dito sa talaan ng iglesia dito sa iglesiang Baptist. iyan lang ang kailangan ninyong gawin." Ngunit alam n'yo, isang araw ay naunawaan kong tagapagmana pala ako. At na — nais kong siyasatin iyon at nang malaman ko kung ano ang nakuha ko. Alam n'yo, ganiyan lang talaga ako. Tulad iyan sa isang malaking pamilihan, pag-aari mo ito, at lahat ng nasa loob nito ay sa iyo. Hin — hindi mo malalaman kung ano ang pag-aari mo hangga't hindi mo nasasaliksik ang nilalaman ng Biblia at nang makita mo ang mga pangako. Amen. Ilalayo ka nila sa mga ito, hangga't magagawa nila. Ngunit sa iyo ang mga ito. Ang bawat pangako ay kay Abraham at sa mga magiging binhi niya. At tagapagmana ka nito: isang tagapagmana. Ay, naku. Gusto kong siyasatin ang kabuuan nito at nang makita ko kung ano ang nakuha ko. Kung may magbibigay sa akin ng isang bagay, nais kong siyasatin ito. At nais kong tingnan ang nilalaman ng Biblia at nang makita ko kung ano ang pag-aari ko. Dapat gawin iyan ng bawat binhi ni Abraham. 32 Kapag isinilang kang muli, napuspos ka ng Espiritu ng Diyos, at ang Espiritu Santo ay nasa iyo, tagapagmana ka sa lahat ng mga pangakong iyon.

32 Alam n'yo, para itong gaya rig nasabi ko — isang malaking pamilihan. Sapagkat nabautismuhan tayo papasok sa pamilihang iyon. Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay nabautismuhan tayo sa isang katawan. Ang katawang iyon ay si Cristo, na siyang makaharing binhi ni Abraham, at mga tagapagmana kayo ng lahat ng nakapaloob dito. Amen. Lahat ng nasa Diyos ay ibinuhos Niya kay Cristo. Lahat ng nakay Cristo ay ibinuhos Niya sa mananampalataya: Ang Diyos na nasa itaas natin, ang Diyos na sumasaatin, ang Diyos na nananahan sa atin. Lahat ng bagay, lahat ng pangako sa Aklat ay iyo, kung kaya mong sampalatayanan, kung sapat ang pananampalataya mo upang tanggapin ito at paniwalaan ito.

33 Alam n'yo, tumitingin ako sa paligid. Kapag may nakita akong isang bagay na medyo mataas, iniisip ko kung ano'ng nasa loob nito. Kukuha ako ng hagdan at itutulak ko iyon, at aakyat ako hanggang sa makarating ako roon sa itaas. Ganiyan ang pangako sa Biblia. Kung parang may isang bagay na tila mahiwaga para sa akin, nananalangin ako hanggang sa maabot ko ito. Iyon lang. Ganiyan ang dapat gawin. Magpatuloy sa pananalangin, manatiling naghahawakan, umaakyat, sumasampalataya hanggang sa . . Tagapagmana ka nito. Pinangakuan ka, at may karapatan ka, at "Humingi ka at ika'y bibigyan. Sapagkat lahat ng bagay ay posible sa mga magsisisampalataya."

. Ngayon, makikita nating lumakad si Abraham sa lupain. Inutusan siya ng Diyos, ang sabi, Lumakad ka sa lupain. Tingnan mo ito. Lahat ng naririto ay iyo. Bawa't bahagi nito ay iyo. Lahat ng iyan ay sa iyo."

34 Ngayon, makikita natin pagkatapos, na — na sa ika-14 na kabanata ng Exodo, o, sa ika-14 na kabanta ng Genesis (ipagpaumanhin n'yo), sa ika14 na kabanata ng Genesis, nagkahiwalay na sina Abraham at Lot, at nung huli ay nagkaproblema si Lot. At laging ganiyan ang nangyayari. Kapag humiwalay ka sa mga mananampalataya, lagi kang magkakaproblema. Makikita nating bumuo ng puwersa ang mga hari, at nakipagdigma sila. At lumusob sila at kinubkob nila ang Sodoma, kinubkob nila ang

Gomorra; kinubkob nilang lahat ang mga hari ng kabayanan at ng lambak, at lahat, at kinubkob nila si Lot. At ilan lamang ang mga taong nakatakas sa bundok. At nang magkagayon, isa sa mga nakatakas ang nagbalita kay Abraham, ang Hebreo, ang, sabCy nakubkob na ang Sodoma, pati na ang Gomorra, at dinakip nila ang kanilang mga hari at — at ang iba pa. at dinala nilang bihag ang lahat ng mamamay an, pati na ang kanilang mga kayamanan, at lahat rig pag-aari nila. At nabihag din nila si Lot, ang kaniyang asawa't mga anak na babae, lahat ng mga babae, at tinangay nila sila."

35 Ngayon, si Abraham: Masdan n'yo ang espiritung Cristianong ito na sumaklolo sa kaniyang kapatid. Si Abraham, kasama si Lot na nagbalik sa makasalanang buhay, nagbalik na siya . . . Gayon ma'y mahal siya ni Abraham. Patuloy siya sa paghabol, gaya rin naman ni Jesus sa — sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea. Gayon ma'y itinaboy nila Siya palabas ng iglesia, at naroon Siya sa labas at kumakatok, nagpipilit na muling makapasok. Kung magagawa lang Niyang may magbukas ng pintuan, para Siya makapasok . .. Hayun ang espiritu ni Abraham (Kita n'yo?), sina,;aklolohan ang kaniyang nalugmok, napariwarang kapatid. At hinabol niya siya. At isinama niya ang tatlong daang tauhan niya, ang mga alipin niya, at inarmasan niya sila. At nakatagpo niya siya sa Dan. Iyon na ang pinakadulo ng Palestina. At nakatagpo niya siya roon at hiniwalay niya ang sarili niya sa gabi, at lumusob siya at nakibaka sa mga hukbo, at nagapi niya ang mga hari, at pinagpapaslang niya sila, at nabawi niyang lahat ang nakubkob nila.

36 Pansinin n'yo, nang magbalik siya, napakagandang larawan nito. Iyan ang dahilan kung bakit nais ko muna itong ipakita nang kaunti, para makuha natin ang bago ako tumungo sa teksto ng Jehovah-jireh. Kung mapapansin n'yo, ibinabalik ni Abraham ang lahat ng naiwala, ang napariwara niyang kapatid at ang kaniyang mga anak . . . Habang ibinabalik niya sila, sinalubong siya ng mga hari. At lumabas si Melquisedec,

na siyang Hari ng Salem, Hari ng Kapayapaan, ang Hari ng Katuwiran, ang Hari ng Jerusalem, walang ama, walang ina, walang pasimula ang kaarawan, walang katapusan ang buhay. Sinalubong siya ni Melquisedec sa— mula sa pamamaslang ng mga hari, na siyang sinalubong ng patriarkang si Abraham (Hebreo 7) ang Lalaking ito, at nagbayad siya rig ikasampung bahagi, ng ikapu. Isa Siyang dakilang Lalaki. Sino ba Siya sa palagay n'yo? Wala Siyang ama. Wala Siyang ina. Wala Siyang — hindi siya nagpasimula. At kung sino man Siya, nabubuhay pa rin Siya hanggang ngayon. Hindi Siya nagwakas: ang Hari ng Salem, Hari ng Kapayapaan. Oh, sino nga ba ang dakilang Lalaking ito?

37 At pansinin n'yo kung ano'ng tipo ang makikita natin dito. Pagkatapos ng pakikibaka, pagkatapos ma — makipagbaka ng tunay na mananampalataya sa kalaban, winasak niya ang hanay, at nagsikap na mabawi ang kaniyang kapatid, ang tunay na binhi ni Abraham, ibinabalik ang napariwarang kapatid, lumabas si Melquisedec at naghain Siya ng alak at tinapay (ang komunyon), pinagkomunyon Niya siya pagkatapos ng pakikibaka. Pinagkomunyon Niya siya pagkatapos ng pakikibaka, isang napakagandang tipo kapag natapos na ang pakikibaka dito sa ibabaw ng lupa, at nanagumpay na sila, sinabi ni Jesus na muli silang kakain nito sa Kaharian rig Ama. Pagkatapos mabawi ang napariwara, ang una nating gagawin pagpasok natin doon, kapag tapos na ang labanan, ay ang umupo sa dulang doon sa Kaharian ng Diyos. At doon, ang mga nakipaglaban, at naupo na, at nagsipagtagumpay, ay mararamtan ng katuwiran ni Cristo. At muli nilang pagsasaluhan ang tinapay at alak sa Kaharian ng Ama sa kabilang dako. Isa itong tunay na larawan ni Abraham na lumabas doon at kinuha niya si Lot at ibinalik siya.

38 Ngayon, pagkatapos ay makikita natin na sa ika-15 kabanata ay may makikita tayo ritong isang bagay na katangi-tangi. Gu — gustung-gusto ko talaga ito, dahil kilala ko na kung sino si Abraham, at si Abraham at ang binhi niyang susunod sa kaniya. Makikita natin dito na pagkatapos gawin ni Abraham ang lahat ng mga dakilang bagay na ito ng paniniwala sa Diyos, panghahawakan sa mga pangako, pagbubukod niya ng sari li, at sa buong panahong iyon ay sinusunod niya ang daan ng— ng pagtupad sa mga utos ng Panginoon, makikita nating nagpakita ang Diyos sa kaniya sa altar. At tinanong Siya ni Abraham; ang sabi niya, "Ngayon, sino nga ba ang tagapagmana ko kung — kung hindi itong si Eliezer na taga-Damasco? At pinangakuan Mo ako ng isang binhi. At may — may nais akong ipagawa sa Iyo. Nais kong patunayan Mo ang pangakong ito sa akin,"

39 At sinabi ng Diyos na patutunayan Niya iyon kay Abraham, pinatutunayan Niya ang tipang pinagtibay Niya sa pagitan Niya at ni Abraham. Ngayon ay bibigyan Niya siya ng tanda na magkakatotoo nga ito, na bagama't matanda na siya Magwawalumpu' t limang taong gulang na siya. Gayon man ay papatunayan Niya sa kaniya sa pamarnagitan ng isang tanda na tutuparin Niya ang tipang iyon. Oh, galak na galak ako na laging nagbibigay ang Diyos ng tanda, sapagkat Siya ... Dapat nating malaman sa araw na ito na sa oras na ito na kinabibilangan natin, dapat ay mayroon ngayong isang tanda sa ibabaw ng lupa sa oras na ito. Kailangang hanapin natin ang tandang iyon. Hindi gagawa ang Diyos ng anuman nang hindi muna Siya nagbibigay ng tanda at babala sa mga tao. At ang tunay na tanda ay sinusundan ng isang tinig. At ang tinig ay laging Iskriptural.

40 Ngayon ay patutunayan na Niya ang tipan Niya kay Abraham, o Abram, siyanga. At ang sabi Niya, "Kumuha ka ng isang batang baka (Ngayon, alalahanin n'yo, babaeng baka iyan.), at kumuha ka ng

babaeng kambing na tatlong taong gulang." Dapat ay tatlong taon lahat. Pansin in n'yo, tatlong taong gulang na bakang babae, tatlong taong gulang na kambing, babae, at ng isang barakong tupa, lalaki: bawa't isa ay tatlo — tatlong taong gulang. At tatlo sila: tatlong babae — dalawang babae at isang lalaki. Kita n'yo? Tatlong taong gulang na malilinis na hain, isang baka, isang tatlong taong gulang na babaeng kambing, at isang barakong tupa.

41 Kung papansinin n'yo, lahat ng iyon ay bumubuo ng isang tanda. At ngayon, hindi ako dapat mangara I ng doktrina sa entabladong ito, at natitiyak kong napakalapit niyan upang makita mo 41 Pansinin n'yo. At kumuha siya ng da — dalawang ibon, ang isa'y kalapati, at ang isa naman ay batubato, na kabilang sa iisang pamilya, ang kalapati at batubato. Ngayon, hiniwa niya ang kambing — ang tupa sa dalawa. Hinati niya ang — ang barakong tupa at ang kambing, at ang iba, hinati niya ang mga iyon, biniyak niya ang mga iyon, at saka niya inilapag ang mga iyon. Ngunit ang mga kalapati, kaniyang — at ang mga kalapati ay hindi niya biniyak. Iyon ay . . . Anupa't alam ng sinumang may alam sa Kasulatan na iyon ay ang Divine healing. Kita n'yo? Nakapaloob iyon sa dalawang tipan. Kaya't makikita nating inilapag niya ang mga iyon sa . . . Sa tuwina, ang kagalingan ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa nabubong dugo, sa tuwina. At ang lumang tipan ay may kagalingang mula sa Diyos, gaano pa kaya sa bagong tipan. Kita n'yo? Kung sa lumang tipan nga ay mayroon nito, gaano pa kaya sa bago na higit na mabuting tipan, na nangungusap ng higit na dakila, higit na matataas na mga bagay, mas mabubuting bagay, ang bagong tipan.

42 Ngayon, makikita natin dito na si Abraham, nang gawin niya ito, tingnan n'yo kung ano'ng nangyari. Ngayon, narito ang isang dakila at katangitanging punto. Ayaw kong hindi ninyo ito makita. Ang pagpapatunay ng tipan. Sa ibang salita, "Pangako ito na tapat ako sa ginagawa ko, o sa sinasabi kong gagawin ko." Pinatutunayan ito ng Diyos kay Abraham. At kinuha niya ang mga haing iyon at pinaslang niya ang mga iyon, at pinagdugtong-dugtong niya ang mga dulo at inilapag niya ang mga iyon. At binugaw niya ang mga ibon upang hindi madapuan ang sariwang karne, hanggang sa lumubog ang araw pagsapit ng gabi.

43 At nang lumubog ang araw, o habang papalubog na ang araw, narito at ipinakita Niya kay Abraham kung ano ang, gagawin Niya sa hinaharap, kung ano ang mangyayari. Pansinin n'yo, sinabi Niya kay Abraham . . Ang una niyang nakita ay isang lubhang nakatatakot na kadilimang lumukob sa kaniya. Una, matinding antok ang dumapo sa kaniya. Ngayon, ang pagkaantok na iyon ay kumakatawan sa kamatayan sa lahat ng tao. Lahat ng tao ay kailangang mamatay. Kamatayan sa lahat ng tao ang pagkaantok na dumapo sa kaniya. At bago pa iyon ay dumating ang lubhang malagim na kadiliman. At pagkatapos ay may nagpakitang hurnong apoy. At may maliit na ningas ng Liwanag na dumaan sa pagitan ng tipan, dumaan sa pagitan ng mga hain, hinati iyon. Ngayon, ano ang kahulugan nito? Ang ibig sabihin nito ay kailangang mamatay ang lahat ng tao, at ang totoo, pagkatapos ay dapat lang na mapunta siya sa impiyerno. Tama, sa kadiliman, pusikit na kadiliman, hiwalay sa Diyos. Ngunit dumating ang Liwanag at dumaan ito sa gitna, hinati ang mga haing iyon. Kung nauunawan n'yo, tayo — ang tipang iyon.. .

44 Tulad nating mga Amerikano, paano ba tayong nakikipagtipan? Buweno, ang una nating ginagaw a, sinasabi natin ... Gagawa tayo ng isang uri ng kasunduan tungkol sa negosyo o anuman iyon. Karaniwang lumalabas tayo at kumakain, at nauupo tayo, nagkukuwentuhan sandali, pagkatapos ay ibibigay natin ang mga panukala natin, at pagkatapos ay nagkakamayan tayo, at sinasabi natin, "Ikasa mo." Iyan ang ating tipan; iyan ang ating pangako. Ngayon, sa Japan naman, alam ba ninyo kung paano si lang nakikipagtipan sa Japan? Nagkakainan din sila. Pagkatapos ay dadampot sila ng kaunting asin, at isasaboy nila ang asin sa isa't-isa. Iyon ang pagpapatibay sa tipan. Nakikipagkamay tayo at sinasabi natin, "Selyado na ito, bata. Nan iniwala ako rito. Sasamahan kita. Isa itong pangako." At ang mga Hapon — sa Japan, nagsasabuyan si la ng asin. "Selyado na, kaibigan. Dito na ito

nagwawakas." Tapos na ang lahat ng pakikihamok kapag nakipagtipan na sila, pinagtibay ni la iyon sa pamamagitan ng pagsasabuyan ng asin.

45 Ngunit nung unang panahon Nung unang panahon ganito si la makipagtipan. Gagawa tayo ng kasunduan, isusulat natin iyon. Pagkatapos ay papatay tayo ng hayop, ang hairs, bibiyakin natin iyon, ilalapag natin iyon gaya ng ginawa ni Abraham noong panahon niya, pagkatapos ay tatayo tayo sa gitna ng tipang ito, ikaw at ako, at mamamanata tayo sa Diyos. "Kung hindi natin tutuparin ang tipanang ito, matulad nawa tayo sa patay na haing ito na namatay sa halip natin. Hayaang ang dugo ng haing iyan ang managot sa atin. Mamatay nawa tayong tulad niyan kung hindi natin tutuparin ang tipan." Pagkatapos ay iguguhit iyong lahat, o isusulat iyong lahat sa kapirasong papel na ganiyan. Pagkatapos ay pupunitin iyon sa dalawang ganiyan. Kukunin mo ang kalahati at kukunin ko ang kalahati. At ngayon (kita n'yo?), hinding-hindi ninyo mauulit ang pagkakapun it nito, lalo na kung ang pinagsulatan ay balat ng tupa. Kita n'yo, hinding-hindi n'yo ito makokopya. Kai langan ay umakma ito nang husto para mapatunayan. At pagkatapos, kapag nagpanagpo tayo, at makikipagtipan tayo, at magbabayaran na tayo ng panata natin. dapat ay umakma nang husto ang hawak kung piraso ng papel sa hawak mong piraso ng papel. At ibig lang sabih in, ikaw nga ang, taong katipan ko.

46 Ang ipinakikita ng Diyos sa ginagawa Niyang iyon, ay bababa ang Diyos upang maging laman, at magi 611,2 bahagi Siya ng tipan. At kinuha ng Diyos si Cristo, ang Espiritu . . . Kinuha ng Diyos na si Jehovah si Cristo sa — sa krus, at pinunit Niya Siya sa dalawa. Pinunit Niya ang Kaniyang kaluluwa at inilagay Niya iyon doon sa itaas, at kinuha Niya ang katawan at inilagay Niya iyon sa libingan, at itinaas Niya ang katawan noong umaga ng pagkabuhay, at isinugo Niya ang Espiritung dating nasa Kaniya upang Ito'y mapasa iglesia. Magkaparehong pagpapatunay. Sa mga huling araw na ito, si Jesus Cristo ay hindi nagbabago noon, ngayon, at magpakailan man, dapat ay nasa mga tao rin ang tipang iyon. Paano mong makukuha iyon sa edukasyon? Paano mong makukuha iyon sa ibang paraan, maliban sa pagpapatunay ng buhay, muling nagbangong si Jesus Cristo, na binuhay rnula sa mga patay, at nakaluklok sa kaitaasan ngayong gabi, taglay ang, gayon ding Espiritu, na nasa makaharing binhi ni Abraham sa huling mga araw, pinatutunayan at pinatototohanan na hindi Siya nagbabago noon, ngayon, at magpakailan man. Amen. Nagiging relihiyoso tuloy ang pakiramdam mo, hindi ba? Kita n'yo?

Hayun na nga ang tipan: “Isusulat Ko ang Aking tipan sa kanilang mga puso.” Sinabi ni Jesus, “Ang mga bagay na ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo.”

47 Habang, patungo tayo sa Sodoma sa loob ng ilang sandali, masdan n'yo kung paano. kung paano iyong naganap doon, kung ano talaga ang pangako para sa huling araw, at kung ano'ng gagawin Niya. Pinatutunayan Niya iyon, ipinakikitang pi — pinunit Niya ang katawan ni Jesus, kinuha Niya ang, Espiritu, itinaas Niya ang katawan sa kanang kamay ng luklukan ng Diyos, at isinugo Niyang pababa ang kabilang bahagi, ang bahaging pinunit Niya, ang Espiritu, sa atin, na tinaguriang Espiritu Santo. At ang buhay na nakay Cristo ay nasa inyo na. Ipinakikita niyan na Siya ang Manunubos ninyo. Kinupkop na Niya kayo sa Diyos. At tayo ngayo'y mga anak na lalaki't babae ng Diyos na nagtataglay ng Espiritu ni Cristo. “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Higit pang dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin ninyo; sapagkat Ako'y paroroon sa Ama.” Amen.

48 Ang Espiritung nasa Kaniya noon ay nasa inyo rin ngayon: Buhay na Eternal. Siya ang Tagabigay ng Buhay na Walang Hanggan. Siya ang Manunubos na magpapanumbalik niyaong nalugmok sa pagkalugmok sa lahi ng tao, upang ibalik sa Diyos. At ang Espiritung nakay Cristo ay nasa inyo. At kung ang espiritu ng i — isang masamang tao ay nasa akin, hahawak ako ng mga baril. Kung espiritu ng isang pintor ang nasa akin, magpipinta ako ng mga larawan. Kung ang Espiritu ni Cristo ang nasa akin, gagawin mo ang mga gawa ni Cristo. Amen. Tama.

49 Ang buhay na nasa Kaniya ay nasa iyo na. Ilipat mo ang buhay ng isang bagay sa iba . . . Kung magagawa mong kunin ang buhay ng — ng isang kalabasa, at kung ilalagay mo iyon sa punong baging ng pakwan, mamumunga iyon ng kalabasa. Ganiyan nga. Kung aalisin mo ang buhay ng puno ng peach at ilalagay mo iyon sa puno ng peras, mamumunga iyon ng mga peach; sapagkat ang buhay na nasa puno ang nagbibigay ng katibayan nito. At ganiyan ang nangyayari sa makaharing binhi ... Kay Isaac dumating ang natural na binh ing nagtakwil dito. Doon sa krus, mula kay Efraim tungo kay Manases ay nalipat iyon, ang pagpapala mula sa kanang kamay tungo sa kaliwang kamay . 0 ang kaliwang kamay ay para dapat sa kaliwa, ang mas nakababata tungo sa mas nakatatanda, binaligtad ang buong kalagayan mula sa natural na binhi ni Isaac, na nagtakwil kay Cristo sa natural na iglesia sa araw na ito, na hanggang ngayon ay nagtatakwil pa rin.

50 Ngunit ang espirituwal na makaharing binhi ng Diyos na sumasampalataya, ang makaharing binhi ni Abraham na sumasampalataya sa bawat Salita ng Diyos,

may patunay sa nabubuhay, muling nagbangong Jesus Cristong nasa kanila. Ay, naku. 49 Kita n'yo, gaya rin ng dati. Ang buong iglesia ay magkakaanak. Nang maitipo iyon sa natural na binhi . Tingnan n'yo, sina Isaac at Rebekah ay magpinsan, magkadugo sila: iisa ang ama nila. Kita n'yo? Magkapatid ang mga ama nila, kaya magpinsang buo sila sa dugo, ang nobyo at ang nobya. At sa kaso naman ni Adam at Eba, kay Adam lahat iyon nagpasimula. Kumuha ng isang tadyang ang Diyos sa tagiliran niya at gumawa Siya ng babae. At kinuha niya ang pambabaeng espiritu kay Adam at inilauy niya iyon sa babae.

51 Kaya nga kapag ang babae ay parang lalaki kung umasta, may kung anong — may kung anong bagay na baluktot sa kaniya. At kung ang isang lalaki naman ay gustong maging bakla, may mali sa kaniya. Lumikha ang Diyos ng lalaki at dinamtan Niya siyang tulad sa isang lalaki, at ang babae naman ay tulad sa babae. Nais ng Diyos na manatili silang gayon. Amen. Kapag nakita mong iba ang ginagawa nila, may mali na. Nabaluktot na ito. At ang kabuuan nito ay nagmistula nang isang bungkos ng mga taong baluktot. Ganiyan nga. Ang buong lahi, ang buong henerasyon, lahat ng ito'y Ang kabuuan nito ay mistula nang isang sugat na nagnanaknak, gaya ng sinabi ng Biblia. Halos ay nawala na ang katinuan kahit saan. Alam n'yong iyan ang katotohanan. 50 Halos ay hindi na kayo makasumpong ng anumang — sinuman sa mga lumalabas doon sa kalsada. mahirap nang makakita ng isang tunay na lalaki: mga bakla na lang ang nakikita ko. At ang kababaihan naman, nakasuot sila rig mga pantalon. ginugupitan ang kanilang mga naninigarilyo, nagpipilit maging lalaki. Bakit ba gusto ninyong maging lalaki? Dapat ay magpakababae kayo. Nakakita ako ng karatula na ang sabi, “Mesa para sa mga binibini” sa loob ng isang bar. Ang sabi ko, “Wala kayong ganiyang kustomer. Ang isang totoong binibini ay hindi pupunta sa lugar

na iyan." Hindi, po. Hindi gagawin iyan ng isang binibini: maaaring gawin iyan rig isang babae, ngunit hindi ng isang bin ibini. Hindi siya pupunta sa gano'ng lugar. Ngunit hayan ka na.

52 Kita n'yo, hiniwalay ng Diyos, hiniwa . . . Kita n'yo, ang katawan, ang Nobya ni Cristo, ay kailangang magbalik kaagad sa una . . . Ngayon, si Eba ay ... Ano nga ba si Eba? Siya at si Adam ay iisa. "Adam", ang tawag sa kanila. Mga espiritu sila. Nang unang anyuan ng Diyos ang tao, nilikha Niya sila ayon sa kaniyang wangis. At ang Diyos ay Espiritu. "Ayon sa Kan iyang wangis ay nilikha Niya siya; lalaki at babae Niya silang nilikha." Siya ay . . .

At noon ay wala pang taong nagbubungkal ng lupa. At inanyuan ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa, at inilagay niya ang dalawahang espiritu niya sa kaniya. At iyon ang unang Adam.

53 At nang ihiwalay niya si Eba kay Adam, nalugmok si Eba nang hindi niya paniwalaan ang Salita. Tama. 52 Diyan nabigo ang iglesia sa araw na ito: sa di paniniwala sa Salita. Ngunit sa kasong ito, sa makaharing binhing tinawag, itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan, ang makaharing binhi ni Abraham, sinasampalatayanan nila ang Salitang iyan. Kahit ano pa ang dumating o umalis, gaano man sila magtawa, sinuman ang magsabi ng ganito, ganoon, o ng iba pa, nakatalaga na sila sa Buhay na Walang Hanggan. Pagkatapos ay magbabalik siya kaagad. Siya at ang kaniyang Mangingibig, na si Cristo, ay iisa. Ang Buhay, ang Espiritung noo'y nakay Cristo ay nasa Iglesia na. Iyan ang walang hanggang tipan dito. Kita n'yo, kinuha ng Diyos ang Espiritu ni Cristo, pinunit Niya Iyon sa sakripisyo ng Kalbaryo, at kinuha Niya ang Espiritung iyon, itinaas Niya ang katawan, iniluklok iyon sa kanan ng luklukan ng Diyos at ng kataastaasan; nangangahulugan ito na lahat ng bagay na nasa sangkalangitan ay pinamamahalaan Niya. At ang Espiritung iyon na dating nasa Kaniya ay nagbalik. Ang Espiritu ring iyon, hindi panibagong espiritu, ang Espiritu ring iyon ang lumukob sa Kaniya upang patunayan ang tipan sa makaharing binhi.

54 At sa mga huling araw ay makikita natin ito ayon sa Kasulatan. 53 At bago pa maiangat ang Nobya ni Cristo, kailangang may lumitaw na lingkurang magiging katugmang-katugma nito. Amen. Galak na galak akong sabili in sa inyo ngayong gabi na alam kong katotohanan iyan. Amen. Tumutugma, pinatutunayan ang tipan, pinatunayan Niya iyon doon, ipinakita Niya sa kaniya kung ano ang gagawin Niya: pinagtitibay ang tipan. Ngayon, alam ng lahat ng mag-aaral na noon Niya pinagtibay ang tipan kay Abraham. Ano ang ginagawa Niya? Ipinakikita Niya sa isang anyo kung ano ang gagawin Niya sa mga haing iyon. At ngayon, gumagabi na. At hindi sasapat ang panahon ko upang hatiin ang mga haing ito. Marahi I ay kakailanganing gawin ko iyan bukas ng gabi. Ngunit pansinin n'yo... Ipakikita natin kung ano ang kahulugan ng mga haing iyon . . . Ngunit kita n'yo, pinagtibay Niya iyon, ipinakikita Niyang sa mga huling araw .

55 Ngayon sa mga nakabasa na ng Sinaunang Kasaysayan, alam nilang gano'n sila kung makipagtipan. Isusulat nila iyon, pagkatapos ay saka nila pupunitin, at saka iaabot, kukunin ng isa ang isang piraso nito, at kukunin din ng isa ang isa. Kailangan nilang magbalik sa ibabaw ng hain, maghahain sila. Iyon ang ginawa ni Abraham sa — sa — doon sa Gerar, at iba pa, nang magpunta siya roon kung saan ay naghahandog sila ng altar — naghahandog

sila ng kanilang hain, at gumagawa si la ng kasunduan, at pinupunit nila iyon nang gano'n. At iyon din ang ginawa ng Diyos, ipinakikitaNiya roon, kung ano ang gagawin Niya sa•. .

56 Ang tanong ay, "Nasaan ba ang binhing ipinangako Mo sa akin? Nasaan ... Paano akong mapupunta roon? Pinagtatawanan ako ng mga tao, ang sabi nila, 'Abraham, ama ng mga bansa, labinglimang taon na ang nakalipas. Walumpu't limang taong gulang ka na ngayon, o — o — o siyamnapu na pala. Na — naa — nasaan na ba ang mga anak mo? Ilan na ba ang anak mo ngayon, ama ng mga bansa?'" Kita n'yo, pinagtatawanan siya . . . Ngunit hindi siya nag-al inlangan. Pinanghawakan niya iyon. Nagtawa sila, ang sabi, "Ama ng mga bansa, ngayon, tingnan natin. Ilan na ba ang anak mo ngayon?" Kita n'yo, nais nila siyang pagtawanan dahil pinanghahawakan niya ang pangako ng Diyos, nananampalataya siyang kaya Niyang tuparin kung ano ang ipinangako Niya. Higit ang kakayanan Niya. Siya ay — kaya Niyang magpalitaw ng Sarili Niyang hain. Siya si Jehovahj ireh. Kaya Niyang maghanda at magbigay-daan sa ipinangako Niya. At pinagtibay Niya ang tipan Niya sa kaniya sa pamamagitan ng pagpapakita Niya sa kaniya kung paano Niyang gagawin iyon, kinuha Niya si Cristo at pinunit Niya ang Buhay mula sa Kaniya, at isinugo Niya iyon sa mga huling araw sa .. .

57 Ngayon, tatapusin natin iyan sa Kasulatan sa Iinggong ito upang patunayan natin iyan sa inyo, na ang tipang ito ay kailangang pagtibayin sa makaharing binhi ni Abraham, na mga taong nagmula sa mga Hentil, hindi mga Judio, isang bayang nagmula sa mga Hentil alang-alang sa Kaniyang Pangalan, kukunin Niya para sa Kaniyang pangalan. Ang Iglesiang nagtataglay ng Kaniyang Pangalan ang siyang magbabalik sa Kaniya, sapagkat iyon nga siya, ang Buhay niya.

58 Makinig kayo. Noong araw ng Pentecostes . . . Nang bumuhos ang Espiritu Santo sa araw ng Pentecostes ibingay ang Buhay sa iglesia. At ang iglesiang iyon naman ay humayo at namunga . . . Nagsulat sila sa hulihan ng iglesiang iyon ng isang Aklat ng mga Gawa, tungkol sa ginawa nito, sapagkat si Cristo iyon na nasa mga Apostol. Ngayon, sinabi ni Jesus sa Juan 15, "Ako ang Punong-baging; kayo

ang mga sanga.” Ngayon, hindi ang punong-baging ang namumunga; ang sanga ang namumunga. Pinalalakas ito ng punong-baging. Buweno ngayon, kung ang sangang iyon, ang kauna-unahang umusbong mula sa punong iyon ay namunga ng isang aklat ng mga Gawa, kung mag-uusbong iyon ng isa pang sanga, iisang Buhay ang ibubunga nito.

59 Ilang buwan pa lamang ang nakalilipas, katabi ko ang butihin kong kaibigan, si John Sharitt, doon sa Phoenix. Sa Tucson ako nakatira gaya ng nalalaman n'yo. Kaya't nagpunta ako sa Phoenix. Si Brother John Sharritt, isang butihing kapatid na Cristiano . . . At dating napakahirap niya, at pinagpala siya ng Panginoon. . . At nang una akong magpunta sa Phoenix, maraming taon na ang nakalilipas ay wala pa siya noong mga anak, siya — at siya noon ay — gusto niyang magkaanak. At ang pobre, nagtatrabaho siya roon sa lansangan at nagtitibag ng kongkreto, marahil ay dalawampu't-lima, tatlumpung sentimo bawa't oras. At nagpunta siya roon. At paniwala siya sa lahat ng Salita ng Mensahe. At ang sabi niya, “Maaari mo ba akong ipanalangin?” Lima na ngayon ang anak niya.

60 At doon sa ... Bukod pa rito, namimigay siya ng mga tatlo hanggang apat na milyong dolyar taun-taon para sa adhikain ni Cristo 9 Tama nga. 59 Kasama ko siya rito hindi pa katagalan, tinitingnan ko ang taniman niya ng bulak. Binili niya ang buong lalawigan, isang libo limang daang Mexicano ang nangangalaga nito. At dati-rati — labing limang taon na ang nakalilipas ay nagtitibag siya ng kongkreto sa upang dalawampu't limang sentimo bawat oras. At dinala niya ako sa taniman ng sitrus, at nakita ko roon ang pinakakatawa-tawang punong kahoy na nakita ko sa tanang buhay ko. Tsang uri iyon ng punong kahoy; iba-iba ang mga bungang naroroon. At nang tingnan ko ay may bunga iyong mga orange; may mga kahel; may mga suha; may mga tangerine; may mga tangelo. Parang siyam yatang iba'tibang uri ng bunga ang naroroon, o kaya'y sampu. At ang sbi ko, “Ano bang uri ng puno iyan?” “Oh,” ang sabi niya, “eksperimento lang iyan, Brother Branham.” Ang sabi ko, “Oh, iyon pala.” Kako, “Lahat ba ng mga iyan ay binubuhay ng iisang puno?” Ang sabi ko,“Ano'ng uri ba ng puno iyan,una sa lahat?”Ang sabi niya, “Isa isang puno ng orange. Navel orange iyan.” At ang sabi ko, “Siyanga ba?” Kako, “Ano naman ang ginagawa nitong ibang ito rito?” Sumagot siya, “Nakahugpong ang mga iyan diyan.” Ang sabi ko, “Oh, yun pala.” Kako, “Nauunawaan ko na.” Ang sabi ko, “Ngayon, ngayon, sa susunod na taon magiging orange nang lahat iyan, hindi ba?”

Ang sabi niya, “Hindi. Ang kahel ay mamumunga ng kahel.” Aniya, “Ang . . . At ang suha ay mamumunga ng suha, at ang tangerine ay mamumunga ng tangerine.” Kako, “Nang nakakabit sa puno ng orange?” Ang sabi niya, “Opo.” Kako, “Hindi ko maintindihan kung paanong mangyayari iyan.” Aniya, “Lahat iyan ay bungang sitrus.” Kako, “Buweno, purihin ang Panginoon. May nakikita ako.”

61 Tingnan mo. Oh, kapatid, nang umakyat ang Espiritu Santo sa punong baging at namunga ito mula sa baging nito sa unang sanga, at may naisulat silang Aklat ng mga Gawa sa hulihan nila, kung maguusbong ang punong iyon ng isa pang orihinal na sanga, iyon din ang ibubunga nito. Si Jesus Cristo ang magiging bunga. Ngayon ay mayroong mga Metodista, mga Presbyterian, mga Baptist, mga Lutheran, lahat na lang ng klase ay nakahugpong dito, namumunga ng prutas na makadenominasyon. Ngunit kung mag-uusbong ito ng panibangong sanga, ito'y magiging puspos ni Cristo, isang Salita ng Diyos na kay Cristo nakasentro.

62 At alalahanin n'yo. Natatandaan ba ninyo ang mensaheng “Punong Nobya” sa mga kumukuha ng mga tape? Kung paanong lumabas ang magsasaka, at maling uri ng prutas ang ibinubunga nito. Kaya't tinagpas niya iyon, tinagpas niya iyon, sige ang tagpas niya, tagpas nang tagpas. Ngunit sinabi ni Joel, “Ang iniwan ng tipaklong, kinain ng balang; ang iniwan ng tipak — ng balang, kinain naman ng iba.” Makikita ninyo na ang mga kulisap na iyon ay iisang kulisap, sa magkakaibang antas nito. At kung ano ang itinira ng Lutheran, siya namang kinain ng Metodista. At ang natira ng Metodista. kinain naman ng Baptist. At ang natira ng Baptist, siya namang kinain ng mga Pentecostal. Ang buong bagay ay putol na.

63 Ngunit sinabi ng Diyos. “Isasauli Kong muli. sabi ng Panginoon, ang lahat ng mga taon. Magsusugo akong muli ng panibagong iglesia sa mga huling araw. Isasauli Kong muli ang orihinal na kapangyarihan. Sa oras ng gabi ay sisikat ang Liwanag. 62 Doon sa pinakapuso ng punong iyon, gaano man karaming mga sanga ang tagpasin, uusbong ang makaharing binhi ni Abraham. Aleluia. Ipinangako ito ng Diyos. Tutuparin ito ng Diyos. Sinabi Niyang tutuparin Niya ito. ”Isasauli Kong lahat ang mga taong kinain ng mga denominasyon. Isasauli Ko ang lahat ng mga taon. Tinabasan ko lang ito. Ngunit uusbong ang isang baging mula sa pinakapuso nito. Matutulad Siya sa isang punong

kahoy na nakatanim sa mga siping ng tubig, isang Taong nagmumuni-muni sa Salita ng Diyos araw at gabi,“ hindi sa kredo o denominasyon, kundi, ”nagmumuni-muni sa Salita araw at gabi, matutulad Siya sa isang punongkahoy na nakatanim sa mga siping ng tubig hindi matutuyo ang mga sanga nito. Mamumunga ito sa tamang kapanahunan.“ 63 Ipinangako ito ng Diyos.

64 Ang Diyos, binabaklas, binubunot, tinatabas, hinihiwalay ang Sarili, hinahati-hati ang Sarili. Iyon din ang ginawa Niya noong araw ng Pentecostes nang manaog ang Espiritu Santo. Nanaog ang Haliging Apoy na iyon na sumunod sa bayang Israel. Alain nating lahat na Iyon ang Logos. Si Cristo iyon. At nang

manaog Iyon noong araw ng Pentecostes, ano'ng ginawa Nito? Hinati-hati Nito ang Sarili, at may mga dilang apoy na nagsidapo sa bawat isa sa kanila: Pinaghati-hati ng Diyos ang Sarili Niya sa mga tao. Oh, kapatid, maaari kang maging kaisa ng Espiritung dating nakay Cristo. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Higit pa kaysa sa mga gawang ito (O higit na maraming gawa kaysa rito, ang tamang salin nito), sapagkat paroroon Ako sa Ama. Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Gayon ma'y makikita ninyo Ako; sapagkat Ako (pantaong panghalip), Ako'y sasainyo, sasamahan Ko kayo sa huling panahon, sa katapusan." Ipinangako Niyang gagawin Niya ito, ang Binhi ni Abraham. 64 Naririto Siya ngayon. Siya'y ...

65 Ang Diyos, binabaklas, binubunot, tinatabas, hinihiwalay ang Sarili, hinahati-hati ang Sarili. Iyon din ang ginawa Niya noong araw ng Pentecostes nang manaog ang Espiritu Santo. Nanaog ang Haliging Apoy na iyon na sumunod sa bayang Israel. Alain nating lahat na Iyon ang Logos. Si Cristo iyon. At nang manaog Iyon noong araw ng Pentecostes, ano'ng ginawa Nito? Hinati-hati Nito ang Sarili, at may mga dilang apoy na nagsidapo sa bawat isa sa kanila: Pinaghati-hati ng Diyos ang Sarili Niya sa mga tao. Oh, kapatid, maaari kang maging kaisa ng Espiritung dating nakay Cristo. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Higit pa kaysa sa mga gawang ito (O higit na maraming gawa kaysa rito, ang tamang salin nito), sapagkat paroroon Ako sa Ama. Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan. Gayon ma'y makikita ninyo Ako; sapagkat Ako (pantaong panghalip), Ako'y sasainyo, sasamahan Ko kayo sa huling panahon, sa katapusan." Ipinangako Niyang gagawin Niya ito, ang Binhi ni Abraham. 64 Naririto Siya ngayon. Siya'y ...

66 Ngunit may uusbong doong isang sanga, tiyak na tiyak ito. Ang sabi ko kay Brother Sharritt, "Kung gayon ay anong uri ba ng sanga ang ilalabas niyan sa susunod na taon? Orange ba? Kahel ba?" "Orihinal ang uusbong," sagot niya. Kapag nag-usbong ito ng sanga mula sa sarili nito, lagi iyong magiging orange, gaya noong pasimula." At kapag ang tunay, buhay na binhi ni Abraham ay tumubo, ang Espiritu ring Lyon na dating nakay Jesus Cristo ang siyang mabubuhay sa kanila. Bawat Salita ay

sasagutin nila ng "Amen." Sinasampalatayanan nila Ito. Hindi, "Itong isang ito ay kinasihan, at ang isang iyon ay hindi kinasihan." Sinasampalatayanan nila ang kabuuan nito sapagkat ito'y Salita ng Diyos.

67 Sinasampalatayanan ba ninyo Ito ngayong gabi nang taos sa inyong mga puso? Amen. Tuluy-tuloy ang pangangaral ko rito hanggang sa napahaba na ako. Yumuko tayo sandali, at tatapusin ko ito bukas ng gabi. Nangako akong hindi ko kayo pagtatagalin. Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man . . . Isang pinagtibay ... Natapos iyon kay Abraham nang sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakita niya iyon: nagpatuloy siya, hindi siya nanlupaypay sa kawalan ng pananampalataya. Hindi siya nag-alinlangan. Ngayon, kumusta naman ang makaharing binhing ito? Tayo na nagsasabing . . . Tayong mga Cristiano sa araw na ito na nagsasabing umiinom sa sarong ininuman Niya, sinasabi nating nasa atin din ang Espiritung iyon .. . At ang makita nating pinatutunayan Niya ang pangako Niyang sasaatin Siya,

68 ang pangako upang matupad iyon. . . Hindi pa ito nangyayari. Sa lahat ng mga kapanahunang nagdaan, hindi pa nangyari ito. Sal iksikin ninyo ang kasaysayan. Hindi pa ito lumitaw. At saan nga ba ito tutungo sa huling mga araw? Sa iglesiang hinirang, hindi sa Babilonia, hindi sa Sodoma; mayroon sila roong mensahero. 67 Ngunit ang Espiritu Santo ang Mensahero sa iglesiang hinirang. Ngayon, Diyos ito na nananahan sa laman ng tao, ipinakikitang Siya ang Tagakilala ng haka, ang Salitang nakakikilala ng mga kaisi pan at haka ng puso: si Jesus Cristo, siya ring kahapon, ngayon at magpakailan man. Siya si Jehovahj ireh. Ihinanda na Niya ang ating hain, at pinagtitibay Niya ang Kaniyang tipan. Tinutupad Niya ang tipan Niya sa huling mga araw sa mga tao.

69 Mga kaibigan, maaari tayong mag-usap dito buong magdamag. Maraming bagay ang naipangusap na, sapat na ang mga nasabi. 68 May nga tao ritong maysakit; kailangan n'yo ng kagalingan. Bakit hindi ninyo iyan paniwalaan? Kung kaya ko kayong pagalingin, gagawin ko. Manalangin kayo. Kung kaya ko kayong pagalingin, gagawin ko. Hindi ko kayo kayang pagalingin. Ako'y ... Napapansin ba ninyo inilalaan ko ang gawain, ang unang dalawang gabi dito para sa pananalangin sa maysakit. Ngayon, hindi tang ito para diyan. Kung mayroon ditong binhing nakatalaga sa Buhay, masasapo ito ng Espiritu Santo. Makikita nila ito. Malalaman nila ito. Ngayon, Siya'y . Ilan ba sa mga naririto ang magtataas ng kamay sa Diyos at magsasabi, "Sinasampalatayanan ko nang taos sa aking puso, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakai Ian man, na nagbangon Siya sa mga patay, at Siya'y nabubuhay sa kalagitnaan natin ngayong gab i, ipinakikitang kasama natin Siya, at naniniwala akong Ito'y sa Diyos."

Maaari ba ninyong itaas ang inyong mga kamay at sabihin n'yo, "Tunay nga akong sumasampalataya."

70 Ngayon, makalangit na Ama, nasa kamay mo na sila. Si — Sinasabi nilang sila'y mga binhi ni Abraham. Ha — hangad ni la . . Ha — hangad ni la ang mga pagpapala ng Diyos. At sinabi ko ito sa kanila sa payak na paraang ito. Inumpisahan ko ang aking teksto at hindi ko natapos. Ngunit, Ama, na — nakikita nila rito sa pagpapatibay kay Abraham na pinagtibay Mo ang pangako sa kaniya, ibinigay Mo sa kaniya ang

pagpapatibay. Ngayon, kung ang — kung ang Espiritu ni Cristo ay wala sa amin, kung gayon ay hindi kami kay Cristo. At hindi maaaring mabago ang kali kasan ni Cristo. At sinabi na Niya sa amin, at ipinangako Niya sa amin ang mga bagay na ito ayon sa Biblia sa maraming bahagi nito. Maging ang Lumang Tipan ay nangako nito sa Malakias 4, kung paanong mangyayari ito sa mga huling araw, ipanunumbalik ang puso ng mga anak sa pananampalataya ng mga ama: ang — ang mga amang Pentecostal, ang orihinal na aral ng Biblia, ang orihinal na Salita. kung ano ang gagawin nito. At magkakaroon ng isang tanda, at ang tandang ito ang magpapatibay — pagtitibayin ito ng tinig na kasunod dito. na Naririto Ka, at naniniwala kami sa Iyo.

71 Ngayon, Ama. na — nawa ay lumabas na si Satanas. Hi — hindi kami naniniwalang may kapangyarihan kami, Panginoon. Hindi namin sinasabing may angkin kaming kapangyarihan; ang inaangkin namin ay kapamahalaan. Nauunawaan namin ang maliit na pulis sa kalsada, suot ang maliit niyang sumbrero, may ;sang_ malaking kotseng rumaragasa sa malalapad na kalsada sa bilis na siyamnapung milya bawat oras na ang lakas ng makina ay tatlong daang horsepower, wala siyang angking lakas para pigilin ang isa sa mga iyon. Dudurugin siya ng mga iyon. Ngunit hayaan mono ipakita niya ang badge niya at itaas niya ang mga kamay niya, mag-iiyakan ang mga preno, at titigil sa pag-ikot ang mga gulong. Kapamahalaan ito. Nasa likuran niya ang buong bayan. Mayroon siyang kapamahalaan, hindi lakas. Marahil ay wala pang isang daang libra ang bigat niya, ngunit mayroon siyang kapamahalaan.

72 At ganito rin sa gabing ito, Panginoon. Hinaharap namin si Satanas hindi sa taglay naming lakas, kundi sa pamamagitan ng kapamahalaan. ipinakikita namin ang Dugo at ang pagpapatibay ng tipan. Wala siyang karapatang hawakan ang mga taong ito na may sakit. Tinitingnan namin sila, at nakikita naming pinagpapawisan sila, dito O Diyos, kung may paraan upang maiparating ko sa kanila ang mensahe.

Kung makikita tang sana nila, Panginoon, kung mapagtatanto nila . Gisingin Mo sila, Panginoon, minsan pa sa gabing ito. Hayaan Mong makita nilang Ikaw pa rin ang Diyos na iyon. Pinatutunayan Mo ang Iyong Salita. Tinutupad Mo Ito kung paano Mo itong ipinangako. Sa mga huling araw na ito, sinabi Mong mangayayari ang mga bagay na ito. Itulot Mo po ito, Panginoon at hayaan Mong makita nilang Ikaw nga ito. Sa Ngalan ni Jesus ay idinadalangin ko ito. Amen.

73 Ngayon, sumampalataya kayo, mga kaibigan. Napakainam ninyong mga tagapakinig. Lumampas na ako sa oras ko (Kita n'yo?), at hi — hindi ko sinasadya. Sinabi ko sa kanila na ako'y — lalabas tayo sa tamang oras ngayong gabi. ngunit nabigo ako sapagkat ako'y . Ngayon, tatapusin ko ang teksto ko bukas ng gabi, kung loloobin ng Panginoon. Ngayon. narito na tayo. Mga tao kayo. Lahat tayo'y mga tao lamang. Nais ng lahat na mabuhay ayon sa takdang oras. Naniniwala akong naffs ng Diyos na iyon ang mangyari sa atin. lyan — iyan ang paniwala ko. Ngayon, hindi dahil walang pamahid sa Gilead. Alam n'yo, minsan ay nasabi, "Buweno, bakit? Bakit ganito? Wala bang pamahid sa Gilead? Wala bang propeta roon?" Sinabi ni Isaias, o ang ibig kong sabihin ay si Elias, "Humayo ka't tanungin mo siya. Dahil ba sa walang propeta sa Israel? Bakit ka nagpupunta roon sa Ekron, sa diyos na si Beelzebub? Bakit — bakit ka pumapanhik doon, siya na isang Judio. Bakit ka pumapanhik doon?" Ang sabi, "Dahil ba sa walang pamahid sa Gilead? Wala bang manggagamot doon? Mayroon bang . . . Iyon ba ang dahilan? Iyon ba ang dahilan?" Hindi, po. Mayroon tayong Pamahid. Naririto ang Espiritu Santo. Opo. Atin ang pangako. Ngayon, kailangan lang na sampalatayanan mo. I — ito'y isang araw kung kailan ang mga kaisipan ng mga tao ay kalat-kalat na hindi na nila ... Nalulungkot ako para sa kanila. Hindi nila alam kung ano ang paniniwalaan. Ang sabi ng isa ay ganito at ang sabi naman ng isa ay ganoon. "Ang salita ng lahat ng tao ay kasinungalingan, at ang Akin ay totoo," ang sabi ng Panginoong Diyos. Tama. Ngayon, hindi Niya maaaring baguh in ang kalikasan Niya.

74 Ngayon, wari ko, kagabi ay nagsimula tayo sa card 1, hindi ba? At nagtawag tayo ng hanggang 20, o gano'n nga yata, ha? Baguhin natin ang pamamaraan. Huwag na lang tayong magtawag ng mga prayer card. Ang Manalangin lang kayo. Huwag kayong Ang nagagawa lang ng prayer card ay ang papanhi k in kayo rito. Ngun it nadarama ko ang Kan iyang Presensiya. alam Kong naririto Siya.

Ilan ba sa inyo ang nakakita na sa litrato ng Anghel ng Panginoon? Tulungan nawa ako, kapag nagkita tayo sa paghuhukom, wala pang dalawang piye ang layo Nito sa kinatatavuan ko. Tama. Naririto Iyon.

75 " Ngayon kung mayroon ditong walang hawak na prayer card, itaas lang ninyo ang kamay ninyo, at sabihin n'yo, wala akong prayer card, gayon man ay maysakit ako at nangangailangan." Aba, sa lahat pala ng dako. Tama. Ngayon, sinasabi ko sa inyo. Ano ba ang ginawa ng Anghel doon sa itaas sa pagkakataong iyon? Tumalikod Siya, tinalikuran Niya si Abraham, at tatapusin ko sana iyon ngayong gabi at hindi ko natapos . . . At sinabi Niyang magkakagayon din sa pagdating ng Panginoon kung ano'ng naganap sa Sodoma. Makikita nating tumalikod Siya sa tolda. At natawa si Sara sa sinabi Niya, sapagkat sinabi Niya sa kaniya, at hindi niya maunawaan na isa lamang karaniwang lalaki ang naroon sa labas na kumakain ng karneng ipinirito niya, umiinom ng gatas rig haka, at kumakain ng guyang baka, at iyon umano ang Diyos.

76 Sinabi ng Biblia na Diyos nga Siya. 75 Sinabi Ni Abraham na si Elohim iyon, ang Isang nakasasapat. "Sa pasimula ..." iisang salita ang ginamit. Alam iyan ng lahat ng iskolar. "Sa pasimula ay nilalang ng Diyos . . ." Tingnan n'yo ang salitang Hebreong "Elohim."

77 Masdan n'yo nang sabihin ni Abraham, "Panginoong Diyos, Elohim," iisang Tao, iisang Persona, nagpapakitang ihahayag ng Diyos ang Sarili Niya sa laman ng tao sa binhi ni Abraham upang pagtibayin ang tipan at gawin kung ano ang ginawa Niya. Nakikita ba ninyo? Ganito rin ang ginawa Niya rito. Noon pa ma'y propeta na Siya na nakakikilala ng mga haka at layunin ng mga puso spagkat . . 76 Ilan ba ang nakaaalam na sinabi ng Biblia na ang Salita ng Diyos ay nakatatarok ng haka ng puso ng tao? Ngayon, kung magagawa ng Diyos na kunin ang tatlong tao rito sa gabing ito ... Ngayon, isa itong hamon. Kung sa palagay ninyo ay hindi ito totoo, halikayo't gawin ninyo. Kung hindi n'yo kaya, huwag na lang kayong magsalita. Kita n'yo? Ngayon, pansinin. Kukuha tayo ng hindi magkukulang sa tatlong katao (ang tatlo ay pagpapatibay).mga taong totoonghindi ko kilala, at kung ang Espiritu Santo . Kung sasampalataya lang kayo, iyan lang ang hinihiling ko sa inyo, ang sumampalataya — gawin n'yo, ang sumampalatayang ang Biblia ay Katotohanan, at nabubuhay tayo sa mga huling araw, at ito ay pangako para sa mga huling araw.

78 Alalahanin n'yo, si Abraham, o sino mang iba ay hindi na nakakita ng iba pang tanda, hanggang sa dumating na sa eksena ang pangakong anak. Nakita na ni Abraham ang lahat ng uri ng tanda at mga bagay-bagay hanggang sa dumating ang puntong iyon. Ngunit iyon na ang huling tanda.

Hinding-hindi Niya sisirain iyon, ang pagkakatuluy-tuloy ng Diyos. Ang binhi ni Abraham, iyon na ang kahuli-hulihang tanda nila. Kita n'yo? Iyon na ang panghuling . . . Ang Diyos . . . Kaagad niyang napagkilala na si Elohim iyon. At sinabi rin ni Jesus na magkakagayon nga, at heto na nga ang pangyayari sa atin sa araw na ito, ganoon din. Bayan, ito ang Katotohanan. Hindi ako nagdududang dito sa isang munting sabsaban . . . ang sabi mo. Buweno, lagi namang ganoon, eh. Isinilang Siya sa isang sabsaban. Halos ay walang gustong maniwala sa Kaniya. Ngunit ang mga binhing iyon lamang ang nagsisisampalataya, mga nakatalaga sa Buhay, sila lang. "Lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa akin." Tama. Kita n'yo? Iyan ang kalagayan n'yo. Kung naroon ang pangalan nila, makikita nila ito, at kung paanong . . . Gagawin nga nila.

79 Ngayon, kita n'yo, ang kaisipang ... Ma — maaari ko kayong ipanalangin at patungan ng kamay. Mangungusap ako tungkol diyan, sa paksang iyan, sa Linggo ng hapon. Ngunit nais kong makita ninyo sa araw na ito na maaari ninyong ipatong ang mga kamay ninyo sa Kaniya. Isa Siyang Punong Saserdote na na nahihipo ng ating mga kahihaan. Naniniwala ba kayo? Kung gayon ay sampalatayanan n'yo ito. At ngayon, kung gagawin Niya ito . . . Ngayon, mayroon akong kakilala rito. Napatingin kasi ako, at nakikita ko ang dalawa o tatlo sa aking mga kaibigan na nakaupo riyan. Ministro iyan, dalawa sila riyan, at nakayuko ang isa sa kanila. Pinagaling pa lang ng Panginoon ang nabugbog na utak ug anak niyang lalaki kahapon. Tinawagan niya ako sa telepono. 79 At — may isa pang lalaki roon, at ang kaniyang munting sanggol, nung isang gabi, akala nila'y patay na siya. At nasa Beaumont ako noon. At tumawag kami, pinuntahan nam in siya, at ipinatong niya ang kamay niya sa akin at nagsimula siyang umiyak, at ang sabi, "Brother Branham, sumasaiyo ang Salita ng Panginoon. Humiling ka lang sa Kaniya." Sa sandali ring iyon ay biglang nabuhay ang munting sanggol, at nagsimula siyang humingang muli. Nariyan ang ama niya't nakaupo riyan, isang ministro. At ang lalaking ito, nabangga ang kotse at humagis siya kung saan, at nahulog siya sa isang hukay, at nabugbog ang munti niyang utak, at iba pa. Pinagaling siya nang lubusan ng Panginoon. Sumasampalataya sila; lubusan silang .. .

80 Ngayon, huwag n'yong sasabihing ako ang gumawa niyon. Wala akong kinalaman do'n. Ang pananampalataya nila sa Diyos, iyon ang gumawa niyon. Kayo rin naman ay may pananampalataya. Sinabi ni Jesus sa San Marcos 11:22. "Anumang bagay . . . Kung sasabihin mo sa bundok na ito, Makilos ka,' at kung hindi ka mag-aalinlangan sa puso mo, bagkus ay

sasampalatayang mangyayari ang sinalita mo, ay mapapasaiyo kung ano ang sinalita mo." Ngunit iyon na nga. Kita n'yo? Hindi ito isang pag-asa; ito'y isang bagay na "tiyak mo." At kung mapapatunayan Niyang nabubuhay nga Siya, kung magagawa Niyaong Tsang nangako na patunayana nabubuhay nga Siya, gum ising kayo; yugyugin ninyong maigi ang sarili ninyo, ang inyong espiritu. Kita n'yo? Walang anumang bagay sa mundo ang makagagawa nito maliban sa Diyos. Ngayon, maaari ninyong — maaari ninyong sabihing sa masama ito, kung gusto ninyo. Hinatulan nilang Siya ay masama, kaya't hahatulan din nila na masama ang Kaniyang Espiritu. Anila ay Diablo Siyang nakagagawa ng gayon. Buweno, anupa't natanggap na nila ang kaparusahan nila. Sumampalataya lang kayo. Hindi n'yo kayang magpagaling; hindi ko kayang magpagaling; walang sinumang tao ang makapagpapagaling. Ang Diyos ang tagapagpagaling.

81 Ngunit kung mauunawaan lamang sana ninyo na ang Isang iyon na pinaglilingkuran n'yo at naging dahi Ian kung bakit ibinukod ninyo ang sarili ninyo sa sanlibutan upang maglingkod sa Kan iya, ang isang Iyon na inyong iniibig, ang Isang iyon na Siyang tatayo sa paghuhukom - kasama ka Niya sa paghuhukom upang hukuman, kung ang Presensiya Niya ay paririto at ipakikita Niyang naririto Siya. Ngayon, hindi ito

magagawa ng Kaniyang katawang tao. Kapag dumating iyon, tapos na ang panahon. “Kung paanong ang kidlat ay dumarating mula sa silangan pakanluran, gayon din naman ang pagdating ng Anak ng tao.” Ngunit ang Espiritu Niya ay dumating na sa iglesia. Tingnan n'yo kung paano itong nagdaan sa pag-aaring ganap, pagpapabanal, bautismo ng Espiritu Santo, at ngayon naman ay dito sa panahon ng pag-agaw upang ihanda ang iglesia, tugmang-tugma sa pangako, tugmang-tugma sa pagkakahanay ng mga kapanahunan ng iglesia. At nakita na natin ang lahat ng bagay na nagaganap, nagaganap. Ang Pentecostal ang pinakahuling organisasyon. Ayon iyan sa Kasulatan. Ito na ang kahulihulihang organisasyon: tinanggihan ito kasama ng iba pa sa kanila. Tama. Isa itong organisasyon. Hindi tatanggap ang Diyos ng organisasyon. Ito'y ... Mga indibiduwal ang tinatanggap ng Diyos.

82 Ngayon, hindi ba ninyo kayang paniwalaan ang Kaniyang Presensiya? Ngayon, dito, kapatid n'yo lang ako. At ngayon, taglay ang pagkasugo . . . Na inutusan ako ng Diyos na pumarito at gawin ito Kaya't pinaniniwalaan ko Siya. Kung hindi sana nasulat ito sa Salita para sa kapanahunang ito, lalayuan ko ito. Anumang bagay na wala sa Salitang iyan, hindi ko pinaniniwalaan. Ngayon, hindi ko tatanggapin. Hindi ko sasabihing hindi ko paniniwalaan ngunit hindi ko tatanggapin. Hindi ko nauunawaan. Ngunit kapag nasa Salita, pangako para sa kapanahunang ito,

nauunawaan ko ito. Nauunawaan ba ninyo? Tulungan nawa tayo ng Panginoon. At inyo lamang - umabot kayo ngayon sa pamamagitan ng pananampalataya, sampalatayanan n'yo na sa - sa presensiya natin ... Nasa Presensiya Niya tayo, ang ibig kong sabihin. 83 Ngayon, kung ang Jesus na iyon na siyang nangako,

83 at dito sa Biblia ay siyang kumasi kay Pablo, na nakatanggap ng mga napakayayamang kapahayagan kung kaya't ninerbiyos siya, at nagkaproblema siya sa laman, at baka kasi siya maitaas nang husto dahil sa dami ng kapahayagan .. . Kita n'yo, isinulat niya ang Biblia, gayon na lamang ang inspirasyong nasa kaniya. isinulat niya ang mga aklat ng Biblia. Gaya ni Moises, isa siyang propeta, kaya't kaniyang ... Dumating ang Salita sa kaniya, at isinulat niya Lyon. Pinahintulutan siya upang maisulat niya ang Kasulatan, ang mga Banal na Kasulatan. Ngayon, siya naman ang — ang — ang nagsasabing ang — sumasampalataya — nagturo ng mga bagay na ito.

84 Ngayon, alalahanin, na si Cristo ay nagbangon mula sa mga patay at nasa kalagitnaan natin Siya ngayon. Ngayon, ilagay ninyo iyan sa inyong isipan, “Si Cristo ay nagbangon sa mga patay at nasa kalagitnaan natin ngayon.” Ngayon, nakakita na tayo ng lahat ng uri ng dakilang pagkilos, at mga sigawan, at pagpupuri sa Diyos; mabuting lahat iyan; kasamang lahat iyan nito. Ngunit alalahanin ninyo, ang pinakahuli ay ang Kaniyang Makalangit na Presensiya, ang Salita Mismo. Siya ang Salita, ang Ulo, ang Salita. Dumarating ito sa katawan. Kita n'yo? At pagkatapos, ang Salitang iyon ... At sinabi ng ika-apat na kabanata ng Hebreo, “Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas, higit na makapangyarihan kaysa alin mang dalawang tal im na tabak; at nakakikilala ng mga kaisipan at haka ng puso ng tao.” Ngayon, kunin n'yo ang Kasulatang iyan at ihambing ninyo ito sa pasimula ng mga propeta, ihambing ninyo iyan hanggang kay Jesus Cristo, at tingnan ninyo kung hindi magkapareho, pareho ang pagkakakilala sa Kaniya bilang Mesiyas. Ngayon, hindi ang kung sinong tao ang Mesiyas; ang Espiritu Santo ang Mesiyas. Si Cristo at ang Espiritu Santo ay iisa. Kaya't naririto na Iyon ngayon, gumagawa lang ito ngayon sa laman, inihahanda ang katawan para sa pag-agaw at itataas ito. Paniwalaan ninyo ito, mga kaibigan. 85 Panginoong Diyos, hayaan Mong mangyari ito ngayong gabi.

85 Ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo inilalagay ko ang lahat ng espiritung naririto sa ilalim ng aking pamamahala para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sinabi ko iyan upang maunawaan ninyo. Kita n'yo? Huwag ninyong . . . Kung nagaalinlangan kayo, kayo — ito'y — hindi mabuting magtagal tayo, pagkat napakaraming tao ang nakaupo rito ngayon, walang alinlangan, ang nakakita

ng kung ano ang nangyayari magkaminsan sa mga hindi naniniwala. Nagpapalipat-lipat ang mga iyon, gaya ng nangyari sa Biblia.

86 Ilan ba sa inyo rito ang nananalangin, na nakaaalam na hindi ko kayo kilala, wala akong an umang nalalaman tungkol sa inyo? Ikaw, ang lalaking nakaupo riyan na nakakurbatang itim, nakatingin sa akin dito. Ngayon, tingnan n'yo. Nakikita ba ninyo ang Liwanag na Iyan? Hindi ba ninyo nakikita? Amber ang kulay Nito, Liwanag na ang kulay ay luntiang ginto? Naniniwala po ba kayong lingkod nga Niya ako, ginoo? Kung magagawa ng Diyos na ihayag sa akin ang karamdaman mo maniniwala ka ba? Maniniwala ka? Maniniwala ka ba nang taos sa puso mo? Naniniwala ka bang Diyos iyon? Maniniwala ka ba? Maniniwala ka bang darating ang kagalingan mo? Iyon na. Mayroon ka bang parayer card? Wala, wala kang prayer card. Hindi na kailangan. Ang sakit mo ay nasa tainga. Kung tama iyan, itaas mo ang kamay mo. Nasa tainga mo. Wala na iyon ngayon, kung maniniwala ka. Hindi ko kilala ang lalaki — ngayon ko lang siya nakita.

87 Ngayon, narito ang isang lalaki na nakupo sa tabi mo. Tila nananalangin siya. Nananalangin siya pagkat may sakit siya. Tumingin po kayo sa akin. Mayroon po ba kayong prayer card? Wala po? Naniniwala po ba kayong lingkod ako ng Diyos? Naniniwala po ba kayong katotohanan ang sinabi ko sa

inyo? Naniniwala po ba kayong Ito ang Presensiya ni Jesus Cristo? Naniniwala po ba kayong iigi na ang likod ninyo mula ngayon? Kung naniniwala ka, itaas mo ang kamay mo. Kung sasampalataya ka . . . kita n'yo? Ngayon, tanungin n'yo siya. Ngayon ko pa lang siya nakita sa tanang buhay ko. Hindi niya ako hinipo. Dalawampung piye ang layo niya sa akin. Ano ang nahipo niya? Iyan ang tumutupad ng Kasulatan. Ang nahipo niya ay ang Punong Saserdote. Nakaupo siya riyan at nananalangin upang siya'y gumaling. Kita n'yo? Nahipo niya ang Punong Saserdote na nahihipo ng ating mga pagdaramdam. Kita n'yo?

88 Ngayon, ano sa palagay mo, binatang nakaupo riyan sa gawing iyan, isang binatang titig na titig sa akin? Naniniwala ka bang pagagalingin ng Diyos ang sakit mo sa bato? Naniniwala ka? Itaas mo ang kamay mo kung naniniwala ka. Nais mo na ring itigil ang bisyo mo? Nais mo na bang itapon ang mga sigarilyong iyan? Ikaway mo ang kamay mong paganito, kung totoo iyan. Kung gayon ay bitiwan mo na iyan, kalimutan mo na. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Kung kaya mong sumampalataya . . . Dito sa tapat ko ay may nakaupong babaeng naka-antipara. Mayroon siyang sakit na nerbiyos. Naniniwala ka bang kaya kang pagalingin ng Diyos, babae? Itaas mo ang kamay mo kung naniniwala ka. Mabuti. Maaari mo ba akong

gawan ng pabor? May isang binibining nakaupo sa tabi mo at mayroon siyang sakit na pambabae, sakit ito ng babae. Siyanga, binibini. Itaas mo ang kamay mo kung totoo iyan: natutuyuan ka. Ipatong mo ang kamay mo sa kaniya at gagaling siya, sapagkat sumasampalataya siya.

89 Hayan, ganiyan din ang nakaupo sa tabi niya. Haya't nasa ulunan ng babaeng nakaupo sa tabi niya. May dinaramdam siya sa kaniyang mga binti. Naniniwala ka bang pagagalingin ng Diyos ang mga binti mo? ltaas mo ang kamay mo. Hayan. Naniniwala ka bang Siya pa rin si Jesus Cristong hindi nagbabago noon, ngayon, at magpakailan man? Sumasampalataya ka ba, ikaw na nakaupo riyan, sa likuran ng lalaking ito na nakaupo riyan sa harapan, ang binibining nakaupo riyan? Naniniwala ka bang ang Diyos... Nasa iyo ang dalawang bagay na mapanganib. Ang isa ay cancer; ang isa ay arthritis. Naniniwala ka bang pagagalingin ka ng Diyos? Kung gayon, itaas mo ang kamay mo at sabihin mo, "Na — naniniwala ako." Mabuti. 90 Naniniwala ba kayong pinatutunayan Niya ang tipang iyon?

90 Narito ang isang binibining nakaupo rito at nakatingin sa akin, nasa likuran siya ng lalaking ito. Ang suot niyang damit ay parang kulay pula, mapula. Parang . Oh, sweater, marahil. Napakalayo niya; madilim sa gawing iyan. Pagkatapos . . . Kita n'yo. dahil diyan ay nanghihina ka, parang nagkukulay gatas ang paligid ng silid na ito. Ngunit nakalutang Iyon sa ulunan niya. Nakikita ba ninyo ang Liwanag na iyan? Mayroon siyang idinadalangin. Kung ihahayag sa akin ni Jesus Cristo kung ano ang idinadalangin mo, maniniwala ka ba nang taos sa puso mo? Maniniwala ka? Hindi mo ako kakilala. Hindi rin kita kakilala. Ngunit nahipo mo ang. Punong Saserdote, pagkat ang senyas na ibinigay Niya sa akin ay nasa ulunan mo (Kita n'yo?), ang tanda. Alam kong ito nga ang tanda. Mayroon kang malalang sakit sa nerbiyos, at bukod dito ay mayroon ka ring goiter sa iyong lalamunan. Kung tama iyan, itaas mo ang iyong kamay. 91 Sasabihin mo. "Nauunawaan ko 'yan."

91 Mabuti. Gal ing ka sa ... Hindi ka taga rito. Hindi ka tagarito sa lalawigang ito, dito sa lugar na ito. Taga roon ka sa Memphis. Tama. Ang babaeng nakaupo sa tabi mo, taga Memphis din siya. Sumasampalataya ka ba nang taos sa puso mo, binibini? Naniniwala ka bang kaya kang pagalingin ng Diyos? Naniniwala ka bang ako'y Kaniyang propeta, lingkod? Nakakatisod iyan sa mga tao. Kita n'yo? Naniniwala ka bang lingkod niya ako? Naniniwala ka bang ang Diyos ang nagsasalita ngayon? Alam mong wala akong alam tungkol sa iyo. Nan iniwala ka bang Diyos ang gagav, a nito, kung gayon? Mabuti. Sumampalataya ka nang taos sa iyong puso, at ang Diyos . Ang dinaramdam mo, mayroon kangmay problema ka rin sa iyong lalamunan. At

bukod pa riyan, mayroon kang bukol, isang lamang tumubo sa tagiliran mo. Naniniwala ka bang masasabi sa akin ng Diyos kung nasaang tagiliran iyon? Kung totoo, itaas mo ang kamay mo kung katotohanan ang sasabihin ko sa iyo. Nasa kanang tagiliran mo. Naniniwala ka bang magagawa ng Diyos na sabihin sa akin kung sino ka? Makatulong kaya iyan sa iyo? Ikaw si Mrs. Cox. Tanungin n'yo siya. Naniniwala ka ba? Lahat ba kayo'y sumasampalataya na? Iyan ang pagpapatunay ng tipan sa binhi ni Abraham. Kung kaya mong sumampala- taya . . .

92 Heto, may isang babaeng nakahiga riyan sa istretser. Naririnig mo ba ako, binibini, na nakahiga riyan sa istretser? Siyanga. Hindi kita kayang pagalingin. Wala akong alam tungkol sa iyo. Hindi kita kilala. Ngunit naniniwala ka bang kayang ihayag sa akin ni Jesus Cristo kung ano ang sakit mo? Makatulong kaya sa iyo? Makakatulong? Kung mananatili kang nakahiga riyan, mamamatay ka. Isa lang ang pagkakataon mong mabuhay; iyon ay ang tanggapin mo si Cristo. May cancer ka. Tama. Naniniwala ka bang pagagalingin ka na ng Diyos? Naniniwala ka? Itaas mo ang kamay mo kung sumasampalataya ka. Mabuti. Sa kalagayan mo, ang tanging maaari mong gawin ay ang tumayo ka sa higaang iyan, at dalhin mo ang hinihigan mo, at umuwi ka na, angkin in mo ang pananampalataya mo sa Diyos bilang binhi ni Abraham. Tumayo ka, sa Ngalan ni Jesus. Tumatayo na siya upang tanggapin niya ang pangako ng Diyos sa kaniya.

93 Ilan ba sa inyo, ang sumasampalataya nang taos-puso ngayon? Tumayo ka. Mayroon ka nang lakas. Bibigyan ka ng Diyos ng lakas. Tumayo ka na sa iyong mga paa. Hayan na siya, bumangon na siya sa istretser. Ngayon, ang lahat ng iba sa inyo na nais tumanggap kay Jesus Cristo, magsitindig kayo. Magsitindig kayo sa lahat ng dako at tanggapin n'yo si Jesus Cristo bilang inyong Tagapagpagaling. Panginoong Jesus, pagalingin Mo po ang bawat isa. Itulot Mo po ito, Panginoong Diyos.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7